


## PAGKUKUPKOP 4

 Kapatid na Neville, at magandang hapon, magandang gabi, pala, sa ating mga mahal na kaibigan, nagagalak tayong makabalik dito sa simbahan ngayong gabi. Medyo maalinsangan, at kaya naman sisikapin nating bilisan sa abot ng makakaya natin, na dumiretso na agad sa Mensahe.

Una muna, may ilan tayong ipababatid, at isang—isang espesyal na kahilingan sa panalangin. Natanggap ko na ang mga liham ninyo doon sa likuran, na ibinigay, at para sa kapatid na babae na nararamdamang may tumor siya sa utak. At may isa pa doon sa Louisville; at kapatid ng isa pang ministro, naatake sa puso ang kanyang ama; at maraming, maraming mga taong maysakit sa mundo ngayon. Marami ang tumatawag at tunay na ipinapanalangin namin sila nang buong puso namin, na tulungan tayong Diyos.

Kadalasan mga nasa siyamnapu't limang porsiyento ng ministeryo ko ay laging ganoon, pagpapanalangin para sa mga maysakit, nakita n'yo, ngunit ako—medyo nagkaroon ako ng isang—para bang munting pananaw na . . . nananalangin pa rin naman ako para sa mga maysakit, ha, tandaan n'yo 'yon. Kaakibat nito iyon. Ngunit, oh, kung mailalagay lang natin ang—ang iglesya kung saan nakaposisyon na, kung gayon, at maisaayos na para makapagsimula na tayong gumawa, nakita n'yo. Kailangan na mailagay na sa ayos, kita n'yo, mapagsama-sama nang lahat.

May isa pang tumimo sa puso ko, kani-kanina lang. Iyon ay noong ang isang munting matandang lalaking beterano, ang isa sa mga kamay niya ay halos matanggal na sa pagkakabaryl, ang paa ay halos matanggal na sa pagkakabaryl. Wala siya rito para makapakinig sa akin ngayon mismo. Ngunit isang tunay na lalaking prinsipe, na ang pangalan ay Roy Roberson, at isa sa mga katiwala natin dito sa iglesya, at isang mabuting Cristianong ginoo. Lumapit lang siya roon, at sabi, “Kapatid na Branham, huwag mong kalimutan ang Presidente.” Sabi, “Naawa ako nang husto noong humakbang siya,” nakita sa isang telebisyon, “siya na pahakbang pababa ng eroplano, na tumutulo ang mga luha sa kanyang mga pisngi, at nangingiwi ang kanyang bibig.” Alam n'yo, naroroon siya mismo kasama ni Roy noon at ng iba pa, doon sa—sa digmaang iyon.

Kahit gaano pa ang di mo pagsang-ayon sa kanya sa pulitika, siya pa rin ang Presidente natin. Siyanga, po. Sa akin, ako—hindi ako Democrat ni Republican. Cristiano ako. Pero ako—sinasabi ko sa inyo, talagang may malaking paghanga ako kay—kay Pangulong Dwight Eisenhower. Ginoo, tunay ngang

naging isa siyang dakilang tao, sa aking—aking palagay. Kung tatakbo pa siyang muli, at boboto ako, iboboto ko siyang muli. Siyanga. Hindi mahalaga sa akin kung siya ay—kung siya man ay isandaang taong gulang na, iboboto ko pa rin siya, dahil sa gusto ko siya. At alalahanin natin siya sa ating mga panalangin ngayong gabi.

J.T., lubos kong pinasasalamatan ang mainam na pagpupulong na iyon, kayong lahat, na idinaos ninyo at ni Kapatid na Willard nitong linggong ito. Kung pumasok siguro ako mula sa labas, sinabi n'yo nang lahat, "Sige, ngayon Kapatid na Branham, alam mo kasi, *ganito't ganoon*." Pero mas mainam kasi na tumayo na lang doon sa labas at makinig sa inyo, di n'yo ba nakikita? [Tumatawa si Kapatid na Branham—Pat.] Sige. Kaya naman, napakainam.

May ilang mga alok sa akin para sa ilang mga iglesya, kung gusto n'yong lahat ang mga iyon, kung nakahanda na kayong magpastor ngayon, kung nakapagsanay na kayo. At, na, naniniwala akong nakapagsanay na nga kayo, at handang-handa na. Mayroon akong isa roon sa Oregon, ilan sa Washington, California, at Arizona, sa iba't ibang lugar. At kung gusto ninyong mangalaga ng iglesya o anuman, aba, dito mismo ang mainam na lugar para magsimula, dito mismo. At may mga kaluluwang nananawagan sa lahat ng dako, maging sa mga lupain ng mga Indian at anumang gusto ninyong puntahan. Ipaalám n'yo lang sa amin, dahil alam kong kayong mga kalalakihan ay nakaangkla na ngayon. Siyanga. Gustung-gusto ko talagang makita sila na gawin ang ganoon.

Nariyan si Kapatid na Rudell na naglalakbay na. Pupunta ako para magdaos ng pagtitipon para sa kanya, sa loob ng ilang araw. Magdaraos ng isang rebaybal, si Kapatid na Rudell. At ako—naaalala ko pang dati-rati itinutulak ko ang munting lalaking iyon sa kung saan-saang dako, sinisikap na pahayuín siya sa gawain at mangaral. Napakamahiyaín niya. Sasabihin niya, "Hindi talaga ako makapagsalita." Dapat n'yo siyang marinig. Amen. Kita n'yo? Hindi mo alam kung ano ang magagawa mo kung hahayaan mong mahawakan ka ng Espiritu Santo. Siyanga.

At si Kapatid na Graham Snelling naman sa Utica, at si Kapatid na Junior Jackson doon. Ating—itinuturing natin silang lahat bilang mga mumunting kapatid natin na mga iglesya, na kasama mismo natin. Magkakasama tayong lahat. Hindi tayo nagtatalu-talo sa ating mga doktrina, ni sa mga ninanasa at layunin natin, ang ating mga doktrina, ay iisa. Sama-sama tayong naninindigan, sadyang sa lahat ay magkakasama. Iisang iglesya lang tayo. At tunay na gusto nating kumalat ang mga iyon sa lahat ng dako; may ilan tayo sa Africa, ilan sa India, at sa buong palibot, sa buong bansa. Doon natin gustong malagay ang mga ito, na ikinakalat ang Balita.

At nakikita kong humuhusay na ang mga kabataang ito, na gaya ni Kapatid na J. T. Parnell dito, at—at si Kapatid na Willard at ang iba pa, kung kailan humuhusay na sila, na mga kabataan, kung kailan tumatanda na ako. Kung may bukas pa, sila ang magiging mga kalalakihan ng kinabukasan. Ayaw kong mamatay ang Mensaheng ito. Sadyang hindi Ito maaaring mamatay. Dapat Itong magpatuloy. At hindi ako naniniwala na marami pa tayong panahon para ihatid Ito.

'Yung maliit na sanggol na sinabi nilang mamamatay na, nakita kong karga mo siya sa simbahan nang maghapon ngayong araw, kapatid. Napakainam niyan. Pinasasalamat natin ang Panginoon dahil diyan, na ang Panginoon ay mapagbiyaya, puno ng habag. Patuloy mo lang na sampalatayanan ang sinabi sa 'yo rito mismo, kita mo, magiging maayos nang lahat.

Ngayon, nasisiyahan ba kayo sa aralin? Gustung-gusto n'yo ba ang aralin? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Oh, ako—ako—talagang palagay ko'y mabuti ang naidudulot nito sa atin. Pinagpapahinga tayo nito nang kaunti sa pananalangin para sa mga maysakit, at sa mga pangitain, at sa Makalangit na pagpapagaling. Siyempre pa, ngayon, sa gabing ito tayo. . . Pagkatapos ng gawain, mananalangin tayong muli para sa mga maysakit, ngayong gabi. Lagi nating gustong gawin iyon, ang bautismuhan ang sinuman sa anumang oras.

Ilan ang nakakaalala noong binabaybay ko pa sa pag-iinspeksyon ang mga kawad ng kuryente? Buweno, binabaybay ko mismo sa pag-iinspeksyon ang mga kawad ng kuryente noon, nang maraming beses, kinailangang lumakad ng tatlung milya bawat araw padaan doon sa ilang. Mayroon akong dalawandaan at walumpung milya ng kawad na dapat kong inspeksyunin. Lalakarin ko iyon, na hawak ko na ang kamiseta, at, oh, pagod na pagod, sa paglalakad sa mga kagubatang iyon, at nagkakandasugat-sugat na sa mga luntiing dawag. May makakasalubong na matandang magsasaka at mauupo ako sa ilalim ng isang puno at makikipag-usap sa kanya tungkol sa pagpapabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Sasabihin niya, "Buweno, noon pa ma'y gusto ko nang mabautismuhan."

Sabi ko, "Hindi naman napakalayo papunta sa sapa." At sasabihin niya. . .

At dinala ko ang marami sa kanila roon mismo at binautismuhan sila sa Pangalan ni Jesus. Dinadala ko mismo doon nang patuloy lang, sa abot ng makakaya ko. Siyanga. Kadalasan suot ko pa ang mga luma kong damit na pantrabaho, magbabautismo ako ng isa, pagkababa ko mismo sa isang poste. Naroroon na nagtrabaho sa itaas ng poste; isa rin akong tagakabit noon ng kawad ng kuryente, nagtrabaho doon sa poste, na may kasamang isang lalaki, kinakausap siya tungkol sa

Panginoon. Sasabihin niya, “Aba, Billy, isa sa mga araw na ito ay pupunta ako sa simbahan n’yo at magpapabautismo.”

<sup>2</sup> Sasabihin ko naman, “Bakit gugustuhin mo pang maghintay hanggang sa araw na iyon? Nasa tabi lang natin mismo ang ilog, napakaraming tubig doon mismo.” Huliin n’yo na sila kaagad. Siyanga. Iyan na ang pagkakataon. Sabi ni Felipe. . .

<sup>3</sup> Sabi ng eunuko kay Felipe, “Narito ang tubig, ano pa ang humahadlang sa atin?” Siyanga. Wala. Kung nakahanda ka na, ’yun na ang oras. Huwag mo nang hayaan ang diablo na magkaroon ng pagkakataon na magkalso pa ng kung ano roon. Huwag nang ipagpabukas pa ang mga bagay na magagawa mo naman ngayon. Baka hindi na dumating ang kinabukasan sa iyo. Naaalala ko ang minsan na ginawa ko ang ganoon, natuto na ako, tinuruan ako ng isang leksyon. Ipinagpaliban kong gawin ang isang bagay na ginawa ko na dapat isang araw, at noong sumunod na araw ay huli na.

<sup>4</sup> Ngayon, tunay na ayaw ko kayong paghintayin nang ganito kahabang oras. Subalit sadyang ako’y nagiging lubos—lubos na nananabik, at, hindi ko alam, talagang napakaganda ng pakiramdam ko hanggang sa makalimot na ako sa sarili ko, halos. Talagang napakaganda ng pakiramdam ko.

<sup>5</sup> Ngayo’y yumukod muna tayo sandali bago natin talakayin ang Salita.

<sup>6</sup> Ama naming Makalangit, Ikaw ang buhay na Diyos, na walang hanggang nabubuhay. Ang araw na kalulubog lamang, ang araw din na iyon, pinagmasdan iyon ni Daniel sa paglubog nito, pinagmasdan iyon ni Jeremias na lumulubog, pinagmasdan iyon ni Adan na lumulubog, pinagmasdan iyon ni Jesus na lumulubog. At ito rin ang mundo na kinabuhayan nila noon at nilakaran, at nananatili Ka na siya pa ring Diyos.

<sup>7</sup> Ngayong gabi ay napakaraming mga kahilingan. Isang lalaki na may tumor sa utak, ang isang kapatid na babae ay pinangangambahan ang siya ring bagay. Ikaw lang po ang tanging pag-asa, Panginoon, na mayroon para doon. Lumala na ang tumor na iyon, hindi na mapipigilan pa. Hindi na ito kayang abutin pa ng doktor. Subalit ngayong gabi ay humahayo kami gamit ang maliit naming tirador, para habulin ang tupa na iyon, upang ibalik ito sa kawan ng Ama. Sa Pangalan ng Panginoong Jesus ay ipinupuntirya namin ang aming panalangin upang patayin ang leon, ang tumor, ang paglala, upang ligtas na maibalik sila sa kawan.

<sup>8</sup> At kami, Diyos, ay inaalala sa gabing ito ang aming kaibig-ibig na Presidente, kapatid, ang aming Dwight Eisenhower. Pinatnubayan po niya ang lupain na ito, Panginoon, sinikap niyang ilayo kami sa digmaan. Ipinangako niya na matatapos na ang digmaan sa Korea kung may anuman siyang magagawang paraan. Ipinangako niya sa mga ina na iyon na dadalhin niya

pabalik ang mga kabataang kalalakihang iyon. Ngunit sabi niya, “Ang magawa ko iyon, hindi ko kayang gawin. Puwede akong magpursige, subalit tanging ang Diyos lang ang kinakailangang gumawa niyon.” At sinamahan Mo po siya, Panginoon, at ngayo’y tapos nang lahat iyon. Bakit hindi nila nakita iyon noong una pa lamang? Diyos, dalangin ko po na tulongan Mo siya. Pagpalain Mo po ang magiting na kaluluwang iyon, Panginoon. At dalangin po namin na Ikaw ang pipili para sa amin ng susunod na pinuno. Ang Iyong itinalaga na nang una pa ang siyang mangyayari, Panginoon.

<sup>9</sup> Subalit ang Isa na sa Kanya ay lubos kaming interesado ngayong gabi, bukod pa sa mga pangyayari sa aming bansa, ay Yaong dakila at kamangha-mangha na darating upang itayo ang isang Kaharian na walang magiging katapusan, ang Panginoong Jesus, na Iyong Anak. Pagkatapos ay isasalansan na nila ang mga armas, ang mga pang-hukbong tugtog ng pagtatapos ay magsisitunog at wala nang mga digmaan pa. Magtatanim sila ng mga ubasan at magsisikain ng mga bunga niyon. Magsisipagtayo sila ng mga bahay, tataan sa mga iyon. At wala nang magiging kaguluhan pa pagkatapos niyon.

<sup>10</sup> Pagpalain Mo po kami ngayon habang aming inuumpisahang talakayin ang Salita. At, Ama, nalalaman Mo po ang dahilan kaya tatalakayin ko ang Salita mula sa mismong Kasulatan na ito rito. Ito’y dahil sa aking—nararamdaman ko na nais Mo pong gawin ko ito sa ganitong paraan, na ito ang Iyong Banal na kalooban, ito’y nasa Iyong programa, ito’y nasa . . . na ito’y napapanahon nang programa, para hayaan ang mga tao na masumpungan nila ang kanilang tamang lugar at maghanda na para sa oras ng pakikipagbaka. Katulad ng sinabi ng aming kapatid sa kanyang panalangin sa Iyo hindi pa katagalan, “Oh, sinanay Mo kami nang napakatagal na, Panginoon.” Ngayon, Ama, ibigay Mo po sa amin ang aming mga posisyon. Ilagay Mo po kami diyan sa kung ano ang dapat naming gawin, upang magawa na namin ang gawain ng Ama. Sapagkat amin itong hinihiling sa Pangalan ni Jesus, na Iyong Anak. Amen.

<sup>11</sup> Nagkaroon ako ng talagang magandang hapon ngayong hapon, sa pakikipag-usap sa isang kilalang doktor sa Louisville, sa nurse nito. Narinig nila ang tungkol sa mga kamangha-manghang bagay ng Panginoon. At isang doktor ang kanyang ama. At bumisita siya sa bahay at naupo sa silid ko halos buong hapon, basta dumating lang, napadaan. Isang mabait na tao; medyo may pagka-istrikta, alam n’yo na, medyo isang deboto, na totoong Presbyterian unang-una na, ngunit umalis na tumutulo ang mga luha sa kanyang mga pisngi. Oh, ako . . . Inilagay sila ng Diyos sa kung saan-saan, sa mga opisina ng mga doktor, ang mga nurse. Hindi ako naniniwalang may isang nurse sa Norton’s Infirmary Hospital na hindi ako nagpatotoo sa kanya tungkol sa pagkakaroon ng Banal na Espiritu, at tinanong siya kung

nabautismuhan na ba siya sa Pangalan ni Jesus. Walang doktor na nakaugnay ko, saanman, o wa- . . . Kita n'yo?

<sup>12</sup> Sabihin n'yo sa kanila ang tungkol Dito. Wala na tayong maraming panahon pa, kapatid. Kahit na para bang napakahirap dito, hintayin mo lang hanggang sa tawirin mo na ang huling hininga roon sa kabila at makikita mo, saka mo hahangarin na sana ginawa mo iyon. Siyanga, po. Huwag nang maghintay pa hanggang sa oras na iyon, gawin na natin ito ngayon din. Ito na ang oras. Oh, maaaring hindi sila sumang-ayon, at magagalit at makikipagtalo nang kaunti tungkol dito, ngunit hindi naman nila sinasadya iyon. Hindi nila talaga sinasadya iyon. Sila—sila—ayos lang sila. Kapag nagsimula silang makipagtalo sa inyo, basta—basta tandaan n'yo lamang, sila—hindi nila talaga sinasadya iyon. Hindi nila sinasadya iyon. Maaaring naturuan lamang sila ng kung anong bagay at basta nananatili lang silang nakakapit diyan, kaya inyong—makikita ninyo ang kanilang ideya. Huwag kayong makipagtalo sa kanila, huwag makipagtalo kahit kanino, kundi mahalín n'yo lang sila hanggang patungo mismo Doon. Pagkatapos ay manalangin para sa kanila.

<sup>13</sup> Buweno, sa palagay ko'y nakarating tayo sa ika-9 na talata, hindi ako sigurado. Malayo pa iyon sa ika-3 kabanata, hindi ba, mga kasama? Ngunit oh, Ito'y pulot sa bato, para sa akin! Pinag-uusapan natin ngayon, tandaan, para makakuha tayo ng kaunting balik-tanaw. At ngayon, Kapatid na Neville, iyong—hilahin mo ako nang bahagya ha kung hindi ko nakita ang oras na nahuhuli na, para makapanalangin ako para sa mga maysakit. Nais nating matalakay ang bawat katiting na maaaring matalakay natin. At ngayong gabi ay gusto ko ng pagtawag sa altar. Ako. . . Sa pagtatapos nito na baka basahin ko na lang ang nalalabi nito.

<sup>14</sup> Subalit ang layunin nito, ay, na makita mo ang posisyon mo kay Cristo, na makita na hindi ito isang bagay na basta mo na lang natagpuan, o bagay na maaaring may . . . na nakamtan mo sa kung saan, kundi ito ang ginawa ng Diyos para sa iyo, Siya Mismo. Hindi sa napakabuti mo na nagsimba ka sa isang simbahan isang gabi, na isang abang kapatid ang nag-akay sa iyo sa altar. At hindi ito iyon. Ang Diyos iyon, bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan, na itinalaga ka na nang una pa sa Buhay na Walang Hanggan. Kapag nakarating na kayo roon sa araw na iyon, kaya naman pala ang apatnapung . . . inilapag ng dalawampu't apat na matanda ang kani-kanilang mga korona, inilapag ng bawat isa ang kanilang korona, bawat isa ay nagpatirapa, wala silang masabing anuman, walang mangangaral, walang matanda, walang anupaman. Lahat ng kapurihan ay sa Kordero! Titipunin ng Diyos sa Kanya ang lahat ng bagay sa araw na iyon. Oh, kung malalaman lang natin

at makikilala kung Sino iyon Na ipinako nila sa krus noon. Ngayon sa . . .

<sup>15</sup> Mag-uumpisa tayo sa ika-8 talata, para makakuha ng kaunting batayang-kaalaman.

*Na pinasagana niya sa atin, sa buong karunungan at katalinuhan;*

*Na ipinakikilala niya sa atin ang hiwaga ng kaniyang kalooban, . . .*

<sup>16</sup> “Ang mga hiwaga ng Kanyang kalooban.” At natatandaan n’yo kung gaano tayo katagal nanatili diyan? Ilan ang narito kaninang umaga, tingnan nga natin. Kung gaano tayo katagal napako diyan sa, “ang hiwaga ng Kanyang kalooban.” Ngayon, hindi lang ito maliit na bagay, kung gayon isa itong hiwaga. Ang kalooban ng Diyos ay isang hiwaga. At kailangang alamin ng bawat tao ang kalooban ng Diyos para sa kanya o sa sarili niya, ang hiwaga ng Diyos.

<sup>17</sup> Papaano natin malalaman? Si Pablo, nalaman niya. Sabi niya na hindi siya sumangguni sa kanino mang tao, walang laman at dugo. Wala siyang pinasukan na paaralan, walang seminaryo. Wala siyang anumang kinalaman doon. Kundi siya . . . Ipinahayag iyon sa kanya ni Jesus Cristo, Na kinatagpo siya nang patungo na sa Damasco, sa isang—isang Liwanag na gaya ng isang Haliging Apoy, at tinawag siya Nito. At nagpunta siya sa Arabia, at nanirahan doon ng tatlong taon. Oh, hindi mo ba napagwawari na mga ilang panahon din iyon, Kapatid na Egan? Tatlong taon si Pablo roon sa Arabia, umupa siya ng isang maliit na lugar sa kung saang dako, palakad-lakad sa sahig, dala ang lahat ng mga lumang balumbon. Wala silang mga bago noon; isinulat ni Pablo ang karamihan sa mga iyon. Mismong nasa mga lumang balumbon na ito, kung papaanong ang Diyos, sa pasimula, ay itinalaga na tayo nang una pa sa Buhay na Walang Hanggan. Kung papaanong isusugo Niya si Jesus, upang sa pamamagitan ng Hain na ito ay magkaroon tayo ng karapatan sa Punongkahoy ng Buhay. Ang Kanyang mga nakilala nang una pa, ay Kanyang tinawag naman; ang Kanyang mga tinawag, ay Kanya nang inaring-ganap; ang Kanyang mga inaring-ganap, ay Kanya nang niluwalhati. Ang Diyos, mula pa sa pasimula ng sanlibutan, ay itinalaga na tayo nang una pa sa pagkukupkop bilang mga anak. Ngayon ang sangnilikha ay humihibik na, naghihintay na sa pagkahayag ng mga anak ng Diyos. Oh, nakikini-kinita ko si Pablo na nasiyahan. Gusto ko na naroroon sana akong kasama niya. Di ba kayo rin?

<sup>18</sup> Ngayon sabi niya, “Ipinakilala Niya sa atin ang hiwaga.” Papasukin mo ang Espiritu Santo sa iyo minsan, at umpisahan mong paganahin Iyon at basta masdan mo lang kung papaano Ito gagawa. Kaninang hapon ay nagkaroon ako ng, oh, mga tatlung minuto para makapag-aral, para lang matutukan

nang mabilis ang aralin; marahil hindi nga, sasabihin kong kalahati lang nun, labinlimang minuto sa pagitan ng mga oras. At nagsimula na akong sumangguni, at naisip ko na, “Ang hiwaga, napakahiwaga!” At dinala ako ng Kasulatan pabalik doon sa Lumang Tipan, pagkatapos ay pabalik na naman doon sa Bagong Tipan; may bagay na pinagdugtong, nakita ang hiwaga ng Kanyang Pagparito, ang hiwaga ng Kanyang kalooban, ang hiwaga ng pag-upo natin na magkakasama. Tandaan, hindi ito maituturo sa kahit anong seminaryo. Isa itong hiwaga. Hindi n’yo ito malalaman sa pamamagitan ng edukasyon, ng teolohiya. Isa itong hiwaga na naitago mula pa noong pagkatatag ng sanlibutan, na naghihintay sa pagkahayag ng mga anak ng Diyos.

<sup>19</sup> Sabihin n’yo sa akin, kapatid kong lalaki, sabihin n’yo sa akin, kapatid kong babae, kailan ba ang panahon na mahahayag ang mga anak ng Diyos na labas sa panahong ito ngayon? Kailan ba nagkaroon ng panahon sa kasaysayan, na ihahayag ng mga ito ang panahon upang iligtas ang buong kalikasan? Ang kalikasan, ang kalikasan mismo ay humihibik, naghihintay sa panahon ng pagkahayag. Aba, bago pa nagawa ang pagtutubos, bago pa man naibuhos ang Banal na Espiritu, bago pa man ang buong—ang buong Lumang Tipan, tuluy-tuloy hanggang doon, hindi maaaring nagkaroon na noon ng mga pagkahayag. Kinailangan nitong maghintay hanggang sa panahong ito. Ngayon ang lahat ng bagay ay dinala na, papalapit na, nag-aanyo na tungo sa isang pangulong-bato, sa pagkahayag ng mga anak ng Diyos na bumabalik na, at ang Espiritu ng Diyos ay pumapasok sa mga lalaking ito, nang ganap na ganap, hanggang sa ang ministeryo nila ay magiging napakalapit na kagaya ng kay Cristo hanggang sa pag-isahin na Siya nito at ang Kanyang Iglesya.

<sup>20</sup> Ilan na ba ang nakapag-aral ng kasaysayan ng mga piramide? Sa palagay ko marahil isang binibini rito na nagtaas ng kanyang kamay. Buweno.

<sup>21</sup> Sumulat ang Diyos ng tatlong Biblia. Ang isa sa mga iyon ay ang Zodiac sa kalangitan, ’yun ang unang Biblia. Kinakailangang tumingala ang tao upang mapagtanto na mula sa itaas ang Diyos. Sundan ninyo ang Zodiac, pinag-aralan n’yo na ba ito? Isinasaad pa nga nito ang bawat kapanahunan, maging ang panahon ng kanser. Isinasaad nito ang pasimula, ang un- . . . ang kapanganakan ni Cristo. Ano ba ang unang anyo sa Zodiac? Ang birhen. Ano naman ang huling anyo? Leo ang leon. Ang unang Pagparito at ang pangalawang Pagparito ni Cristo, ang lahat ng ito ay nakasulat doon.

<sup>22</sup> Pagkatapos ay isinulat ang sumunod na Biblia, sa bato, na tinatawag na “mga piramide.” Nagsulat ang Diyos sa mga piramide. Kung pag-aaralan n’yo ang mga ito, pansinin n’yo ang mga sinaunang kasaysayan at mga digmaan, kung papaano



itinayo ang mga ito bago ang pagkagunaw sa pamamagitan ng pagbaha.

<sup>23</sup> Ang pangatlo ay isinulat sa papel, ang Biblia, para sa dakila, na matalinong mundong intelektuwal na darating. Ngayon, kung sa pagdaraan ng Diyos sa panahon, tayo ay naririto na sa Leo ang leon. Nasa pagtatakip na tayo ng piramide. Nasa Aklat na tayo ng Apocalipsis, sa huling kabanata. Sinasabi ng siyensya na tatlong minuto na lang daw tayo bago maghating-gabi. Oh, isipin n'yo nga kung nasaan na tayo.

<sup>24</sup> At pansinin, ipagpapahimbawa natin ang piramide, madali lang ito. Ang pagkabuo nito ay para bang gaya ng sa isang tatsulok.

<sup>25</sup> Noong narito pa tayo simula sa sinaunang kapanahunan ng iglesya, pagkatapos ng Repormasyon noong panahon ni Luther, ang sabihin lang ng isang tao na isa siyang Cristiano, ay nangangahulugan na ng kanyang buhay o kamatayan. Pinapatay nila siya maging sa pagsasabi man lang na isa siyang Cristiano. Kaya nga ang dumaan sa pag-uusig... Bawat kapanahunan, sa bawat panahon, ay nagkaroon ng pag-uusig. "Lahat ng nabubuhay na may kabanalan kay Cristo Jesus ay magbabata ng pag-uusig." Noong panahon ni Luther, nakakatakot na sabihin na "isang Lutheran." Ibinibilang kang isang panatiko, at maaaring mabitay. Maraming pagkakataon na pinatay nila sila habang nakagapos sila sa mga poste, sinusunog sila, at lahat na, ang sa mga Lutheran.

<sup>26</sup> Pagkatapos ay naging makitid ang lawak ng iglesya, katulad lang ng sa piramide. Dumating ito sa isa pang antas ng biyaya, na iyon ay ang pagpapabanal. Panahon ni Wesley, noong nagprotesta siya sa iglesyang Anglikano, nagturo ng pagpapabanal. Nauwi na naman iyon sa minorya, pagkatapos ay tinawag na silang isang grupo ng mga panatiko.

<sup>27</sup> Ilan ang naririto na Methodist, o dati, o naging konektado minsan sa iglesyang Methodist? Kalahati sa inyo. Alam n'yo ba na kamuntik nang makamtan ng iglesyang Methodist ang Banal na Espiritu minsan? Nakapunta na ako sa mga simbahang Methodist at nakita silang nangabagsak sa sahig, at sinabuyan ng tubig ang kanilang mukha at pinaypayan sila ng pamaypay, pinipigilan ang Banal na Espiritu sa pagparoon sa kanila. Siyanga. Ngayon, iyon ang katotohanan, doon sa mga burol ng Kentucky kung saan may mga Methodist tayo. Kayong mga tao ay mga nakikianib sa iglesya rito. May mga Methodist tayo noon doon, at mga Baptist. Dumudulog tayo sa altar at pinapalo ang isa't isa sa likod hanggang sa makamit natin ang isang bagay. Nakamtan nga natin, iba na ang pamumuhay natin pagkatapos noon.

<sup>28</sup> Ngunit kayo naman ay pupunta lang kayo at ililista ang inyong pangalan sa aklat at sasabihin, "Methodist ako." At

kukunin ang lalagyan ng asin at magwiwisik ng kaunting tubig sa inyo, at iyon na. Lalabas at magsusuot ng shorts, make-up, sasali sa mga karera ng kabayo, tataya, magsusugal, maglalaro ng slot machine, at lahat na ng iba pa, mabubuti pa ring mga Methodist, kita n'yo. Hindi naman 'yun Methodist. Mga umaanib lang iyon sa iglesya. Siyanga. Ang Baptist, ganoon din, ang Presbyterian, ganoon din ang lahat ng iba pa.

<sup>29</sup> Gaya nga ng sabi ni David duPlessis, “Mga apo, walang mga apo ang Diyos.” Hindi kailanman nagkaroon ng apo ang Diyos. May mga anak Siya, ngunit walang mga apo. Siyanga. Kayo . . . at ang mga taong pumapasok sa iglesyang Methodist, o iglesyang Pentecostal, o iglesyang Baptist, dahil ang nanay at tatay ninyo ay Pentecostal o Baptist, kung gayon apo kayo. Mga anak sila. Apo kayo, kita n'yo. Kaya walang anumang ganoon ang Diyos. Maraming ganyan ang iglesya, ngunit hindi—ngunit hindi ang—hindi ang—hindi . . . ang Diyos ay wala niyan.

<sup>30</sup> Ngayon, pansinin n'yo ang mga ito, tuluy-tuloy hanggang sa makarating na ito sa ngayon, habang nagiging minoritya na ito, ang iglesya. Dumating ang kapanahunan ng Pentecostal. Talagang tinagpas nun ang maraming mga nakausli. Pagkatapos ay ano ang ginawa nito? Sadyang iniwanan nito ang Methodist at Lutheran.

<sup>31</sup> Ngayon ay nagpatuloy na kumilos ang Espiritu Santo palayo mula sa kapanahunang Pentecostal. Ano ang ginawa nila? Nag-organisa sila, ginawa ang kanilang sarili na mga, “Kami ang Assemblies of God. Kami ang Oneness. Kami ang Twoness. Kami ang church of God. Kami ang *ganito*, o ang *ganoon*. Kung hindi ka kabilang, hindi ka makakapunta sa Langit maliban na nakalagay ang pangalan mo sa aming aklat.” Oh, talaga namang walang kabuluhan! Wala akong pakialam kung Baptist ka man, Methodist, Presbyterian, nailalagay mo ang pangalan mo sa Aklat ng Buhay kapag inilagay iyon ng Diyos doon. Kung itinalaga ka na nang una pa sa Walang Hanggang Buhay, tatawagin ka ng Diyos sa kung ano mang paraan, paano't paano man, sa kung anong—anumang paraan o iba pa. Tiyak na tatawagin ka Niya. “Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin.” Kahit ano pa ang kinabibilangan mong iglesya, walang kaugnayan iyon doon. Ngunit walang anumang gagawin ang denominasyon sa iyo, kundi maari pa ngang lubos na makahadlang sa iyo sa patuloy na paglakad mo na kasama ng Diyos, ngunit ito'y—wala na itong gagawin pang iba. Titipunin kayo na kasama ng isang grupo ng mga mananampalataya at mga di-mananampalataya. Siyempre pa, makakatagpo ka niyan saan ka man pumunta, at nagkaroon nga rin sila noon niyan sa Langit. Kaya, ayos lang, ngunit nakatangin kasi kayo sa inyong denominasyon. Tumingin kayo kay Jesus, Siya Yaong dapat na tingnan.

<sup>32</sup> Ngayon habang papunta na tayo mismo sa...nagkaroon sila ng...Ilan ba...Sa palagay ko'y itinaas ng babaeng ito rito ang kanyang kamay, na pinag-aralan mo na ang mga piramide. Alam n'yo, kailanma'y hindi natakpan ang piramide. Di ba? Hindi kailanman napatungan ng batong panakip. Hindi nila, ni hindi iyon mahanap. Hindi nila alam kung ano kaya ang nangyari rito. Bakit? Bakit hindi nailagay rito ang batong panakip, ang pangulong-bato, ang pinakaituktok niyon? Dahil sa tinanggihan Siya noong Siya'y dumating. Siya ang tinanggihan Bato. Siyanga. Ngunit matatakpan iyon. Ganoon nga. At pagkatapos ang mga batong iyon na nakalapat sa palibot ng Pangulong-Batong iyon, ay kinakailangan na mga bato na magiging kagayang-kagaya ng Bato na iyon, na lalapat rito, sa pinagdugtungan at sa bawat—sa lahat ng dako. Napakaperpekto ng piramide na hindi mo mailalagay ang isang talim na pang-ahit sa pagitan ng mga iyon, kung saan magkakalapat ang mga batong iyon. Napakagandang pagkakabuo ng mga bato. Ang ilan sa mga iyon ay tumitimbang ng daan-daang tonelada doon sa bandang itaas sa ere, at talagang lapat na lapat sa isa't isa.

<sup>33</sup> Ganoon pinagsasama-sama ng Diyos ang Kanyang Iglesya. Tayo ay magkakalapat na mabuti, iisang puso at nagkakaisa. Ngayon may magsasabi, "Buweno, ang mga Lutheran noon doon ay walang natamong anuman." Huwag n'yong paniniwalaan iyon. Babangon ang mga Lutheran sa pagkabuhay na mag-uli kung paanong babangon din ang iba pa sa pagkabuhay na mag-uli. Ang Baptist, mga Presbyterian, at ang lahat ng mga anak ng Diyos, ay magsisibangon sa muling pagkabuhay na iyon. At iyon ang dahilan kaya sinasabi ng mga tao ngayon, "Oh, buweno, magkakaroon ng isang malawak na rebaybal na lalaganap rito at magliligtas ng sandaang milyong Pentecostal. Maliligtas silang lahat at darating na ang Pag-agaw." Nagkakamali kayo. Ang Pag-agaw na iyon ay magiging daan-daang libo, siyanga, ngunit binubuo rin naman ang mga iyon ng anim na libong taon ng pagliligtas, sa nakalipas na anim na libong taon. Lumalakad ang tao sa Liwanag pagpunta ng Liwanag sa kanya, tinatawid niya ang mga tulay pagpunta niya sa mga iyon. Ngayon, kung tatanggihan niya Ito, kung gayon ay maiwan na siya sa kadiliman. Subalit kung magpapatuloy pa rin siya!

<sup>34</sup> Ngayon, pansinin n'yo, pagkatapos ang Pagparito ng Panginoong Jesus ay napakalapit na hanggang sa ang Espiritu mula sa kaibuturan dito...sadyang halos pagkatapos lang ng pag-aaring ganap, pagpapabanal, bautismo ng Espiritu Santo, at ngayon ay nasa panahon na mismo ng pagparito ng Pangulong-Bato. Ang iglesya ay dapat na maging ganap na katulad ni Cristo hanggang sa magawa na ni Cristo at ng Iglesya na maging isa na, iisang Espiritu. At kung nasa inyo ang Espiritu ni Cristo, gagawin Nito na ipamuhay ninyo ang buhay ni Cristo, ikilos ang buhay ni Cristo, gawin ang mga

gawa ni Cristo. “Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya.” Sinabi iyon ni Jesus. Kita n’yo? Ngayon magkakaroon tayo, may parating tayong ministeryo na sadyang katulad mismo ng buhay ni Cristo. Ano ba ang ipinakikilala ng ministeryong iyon? Ang Pagparito ng Panginoon.

<sup>35</sup> Tingnan n’yo ito sa mundo ngayon, at pansinin kung ano ang sinasabi ni Khrushchev, lahat nitong iba pang mga dakilang bagay, at matitinding alitan sa buong mundo na malapit na malapit nang maganap mismo, anumang oras, na maaaring mapulbos na anumang segundo. Siyanga. At kung iyon, alam natin na malapit na iyon. Sinumang matinong tao ay magagawang basahin sa pahayagan o makinig sa radyo, at mapag-alaman na malapit na iyon. Buweno, tandaan n’yo, susunduin ni Cristo ang Kanyang Iglesya bago mangyari iyon. Kung gayon gaano na ba kalapit ang Pagparito ng Panginoong Jesus? Maaaring bago matapos ang pagtitipon na ito ngayong gabi. Nasa huling panahon na tayo. Talagang tunay nga.

<sup>36</sup> Masdan n’yo ang iglesya sa pagkakabuo nito, sa pagkilos nito. Basta pag-isipan n’yo lang iyon mismo, kayong mga mananalaysay na nag-aaral ng kasaysayan. Tingnan n’yo ang iglesyang Lutheran sa ilalim ng pag-aaring-ganap, bagong-bago pa lang lumabas sa Katolisismo, masdan n’yo ito na sumusulong. Pagkatapos ay masdan n’yo ang Wesley na lumalapit pa nang kaunti, tungo sa pagpapabanal, tumutugma sa Mga Kasulatan. Tingnan n’yo roon sa pagitan mismo, ang Wesley. Pagkatapos ang kasunod na dumating ay ang kapanahunang Pentecostal. At ang kapanahunang Pentecostal na kasama ang pagpapanauli ng mga kaloob, ng mga espirituwal na kaloob. Ngayon, tingnan n’yo ang kapanahunang papunta na ngayon mismo sa Pangulong-Bato. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? Ang Pagparito ng Panginoon, na inihahayag na. Hinihintay ng Diyos at ng sangnilikha na masumpungan ng iglesya ang tamang posisyon nito.

<sup>37</sup> Ang problema sa panahon ngayon, ako . . . halos lahat ng nakilala ko. Inilabas ako, kumukuha kami noon ng . . . kailangan kong dumaan sa pisikal na pagsusuri, alam n’yo na, kung mangingibang-bansa tayo, alam n’yo ’yan na mga misyunero at iba pa. Noong sinusuri ako ay inilabas nila ako sa kuwarto roon, umiinom ako ng kung anong . . . para bang sa tingin ko ay masa, o harina, o kung ano, at aking—iniinom ko ’yon. At lumabas doon, naupo, naghintay ng kalahating oras at tiningnan kung lalabas ba iyon sa tiyan ko o hindi. Tumingin ako roon sa kabila, at may isang munting babae, para bang mamamatay na siya. Siya ay lubos na . . . maliliit na binti at maliliit na braso. At lumakad ako nang patuloy mula sa lalaking ito papunta sa lalaking iyon, sa lalaking ito papunta sa lalaking iyon, palapit nang palapit sa kanya, hanggang sa marating ko ang kinaroroonan niya. Para

bang ang kawawang munting nilalang na iyon ay mamamatay na. At lumapit ako sa kanya, sabi ko, “Ipagpaumanhin n’yo, ginang.”

Sabi niya, “Kumusta po kayo?” Oh, malubha ang sakit niya!

At sabi ko, “Ano ang problema?”

<sup>38</sup> Sabi niya, “Nagpunta ako sa Tucson para dalawin ang anak kong babae. Nagkasakit ako, hindi nila matukoy kung ano’ng problema.”

<sup>39</sup> Sabi ko, “Isang bagay ang gusto kong itanong sa iyo.” Sabi ko, “Isa akong mangangaral ng Ebanghelyo. Cristiano ka ba? Nakahanda ka na ba kung dumating ang oras na iyon?”

At sabi niya, “Kabilang ako sa *ganito-at-ganoong* iglesya.”

<sup>40</sup> Sabi ko, “Hindi iyon ang itinanong ko sa iyo. Ikaw ba ay Cristiano na puspos ng Espiritu ng Diyos at handa nang yumaon kapag tinawag ka na Niya?” Ni hindi alam ng naturang babae kung ano ang tinutukoy ko. Kita n’yo? Oh, anong kaawa-awang tanawin ang kinalalagyan ng sanlibutan!

<sup>41</sup> Ngayon, “ipinakilala sa atin ang mga hiwaga ng Kanyang kalooban,” ang darating na . . . Hayaang basahin ko sa inyo ang isang bagay. Binabasa ko roon sa . . . Buksan natin ngayon sa “ang hiwaga ng Kanyang kalooban.” Magbukas tayo rito sa Mga Hebreo muna sandali, sa ika-7 kabanata ng Mga Hebreo, sa palagay ko ’yon. At gusto kong basahin sa inyo ang isang bagay na talagang lubos na magpapaganda ng pakiramdam ninyo kapag naiisip natin na tayo’y nakaupong magkakasama sa Sangkalangitan. Mga Hebreo, sa ika-7 kabanata.

*Sapagka’t itong si Melquisedec, (ngayon masdan) hari sa Salem, saserdote ng Kataastaasang Dios, . . .*

<sup>42</sup> Ano na ang hiwaga ngayon? Narito ang hiwaga, masdan ninyo ito. Sino ba ang Taong ito na, “ginagawa, nalalaman, ang hiwaga ng Kanyang kalooban,” ang Melquisedec na ito? Hinihintay ko pa ang lahat dito, nagbubukas pa rin ng mga Biblia. Mga Hebreo, ika-7 kabanata, nagsasalita si Pablo, ang siya ring tao ng Mga Taga Galacia.

*Sapagka’t itong si Melquisedec, hari sa Salem, saserdote ng Kataastaasang Dios, . . . siyang sumalubong kay Abraham sa pagbabalik na galing sa paglipol sa mga hari, at siya’y pinagpala niya;*

*Na siya namang binahagihan ni Abraham ng bahagi, ikasangpung bahagi ng lahat; na kung sasaysayin, una-una, kung sasaysayin siya’y Hari ng katuwiran, . . . saka . . . Hari naman sa Salem, (Sino ba ang Taong ito?) na sa makatuwid, ay Hari ng kapayapaan;*

*Na walang ama, walang ina, walang tandaan ng lahi,  
at walang pasimula ng mga araw, ni katapusan ng  
buhay man; . . .*

<sup>43</sup> Sino ba ang Taong ito? Sino ba Siya? Wala Siyang ama, wala Siyang ina, wala Siyang naging pasimula, ni walang panahon na Siya'y mamamatay. Sinalubong Niya si Abraham mula sa paglipol sa mga hari. Ano ba ang ginagawa niya noon? Nagpunta siya para kunin si Lot, ang nawawala niyang kapatid, upang ibalik siya. At nilipol niya ang mga hari; na, ang mga haring iyon na nangalipol; sa palagay ko'y sampu o labinlimang hari, at ang kanilang mga kaharian. Ngunit inarmanan ni Abraham ang kanyang mga lingkod at sinundan ito, humiwalay siya mismo pagsapit ng gabi, kita n'yo, noong naabutan niya ito nang gabi. Oh, kapatid, nagtratrabaho tayo ngayon sa kadiliman, ang tanging Liwanag na mayroon tayo ay ang Liwanag ng Ebanghelyo. Ngunit humiwalay siya mismo, at naabutan ito at dinala ito pabalik. At sa landas niya pabalik, noong matapos na ang labanan!

<sup>44</sup> Pumunta tayo sa Genesis 14, sandali lang, liwanagin pa ang kuwento. Pumunta tayo rito sa Genesis, sa ikaapat- . . . sa palagay ko'y sa ika-14 'yon, Genesis 14. Oo, kunin natin ang Genesis 14:18, umpisa. Mag-umpisa tayo nang kaunti lang bago 'yan. Mag-umpisa tayo, oo, sa ika-18 talata, Genesis 14:18, "At si Melquisedec . . ." Ngayon, iyon si Abraham na pabalik na mula sa paglipol sa mga hari. Bumalik na, nasa kanyang daan na pabalik, dala si Lot pabalik, lahat ng mga tao na kinuha nila. Lahat!

<sup>45</sup> Gaya ni David, na humayo at kinuha ang . . . Ano'ng ginawa ni David? Dinala ang maliit na tirador, sumugod at hinablot itong maliit na tupa mula sa bibig ng leon. Isipin n'yo nga ang isang tirador, ililigtas ang isang tupa. Sino ba naman ang gagawa nun? Sabihin n'yo nga sa akin kung sinong tao rito ang gagawa nun, itaas n'yo ang inyong kamay. Sasabihin ko kaagad-agad sa inyo na mali kayo. Hindi ninyo nakitang itinaas ko ang kamay ko. Hindi, hindi ko nga siya hahabulin na gamit ang thirty-ought-six na baril, halos. Ngunit hinabol niya ito gamit ang isang tirador, para bang isang maliit na piraso ng balat, na may dalawang tali na nakakabit doon, pinaikot-ikot niya. Dahil . . . At noong oras na nagyabang na si Goliath, sinugod niya si Goliath, at sabi niya, "Ipinahintulot ng Diyos ng Langit na mailigtas ko ang isang tupa mula sa bibig ng isang leon, mula sa bibig ng isang oso." Alam niyang iyon ay hindi ang tirador. Iyon ay ang kapangyarihan ng Diyos na sumakanya. Siya Yaong nagdala sa tupang iyon pabalik.

<sup>46</sup> At ganoon ang sinasabi natin ngayon. May mga David ang Diyos na naririyang lang sa tabi-tabi, siyanga po, na nagpapakain sa mga tupa ng Ama. At kung minsan pag may darating na tumor, o may darating na kanser, o kung ano man, at huhulagpos

mula sa mga kamay ng doktor. Hindi iyon makakapigil sa David na iyon, hahabulin niya mismo ang bagay na iyon, dala ang isang maliit na tirador, ng, “Hingin n’yo ang anumang bagay sa Aking Pangalan, iyon ay ipagkakaloob.” Wala akong pakialam, maaaring magtawa ang mga doktor, at lahat ng iba pa ay pagtawanan siya, hahabulin pa rin niya ito ano’t ano man, dala-dala ang tupang iyon pabalik sa kawan. Siyanga, po. “Anak siya ng Diyos, bitiwang mo siya!” Pinatumba ang leon na ito, pagkatapos ay tumindig ang leon, hinablot niya ito sa balbas at pinatay ito; isang maliit na pátpatin na kabataang lalaki, na tumitimbang lang marahil ng walumpu o siyamnapung libra.

<sup>47</sup> Masdan n’yo. Si Melquisedec, ang Hari ng Salem na iyon ay Hari ng Kapayapaan, na sa katunayan ang Salem ay naroroon sa burol. Iyon ay ang Hari ng Jerusalem, kung Sino nga iyon. Iyon na nga mismo kung Sino iyon, Hari ng Jerusalem. Na, ang Jerusalem ay unang tinawag na Salem, na iyon ay kapayapaan; iyon ang Jerusalem noong una, bago iyon tinawag na Jerusalem. Siya ang Hari ng Jerusalem. Siya ang Hari ng katuwiran, ang Hari ng kapayapaan, ang Hari ng Salem. Wala Siyang ama, wala Siyang ina, wala Siyang pasimula ng mga araw, wala Siyang katapusan ng buhay, wala Siyang tandaan ng lahi. Oh, oh, oh! Sino ba ang Taong ito? Bigyang-pansin n’yo Siya. Pagkatapos ng labanan, pagkatapos na mapagwagian ang tagumpay, pansinin n’yo ang sinabi Niya. “At si Melquisedec,” ika-18 talata, sa ika-14 na kabanata, Genesis.

*At si Melquisedec na hari sa Salem ay naglabas ng tinapay at alak: at siya’y saserdote ng Kataastaasang Dios.*

*At binasbasan niya siya, na sinabi, Pagpalain si Abram ng Kataastaasang Dios, na may-ari ng kalangitan at ng lupa:*

*At purihin ang Kataastaasang Dios, na nagbigay ng iyong mga kaaway sa iyong kamay. At binigyan siya ni Abram ng ikasampung bahagi ng buong samsam.*

<sup>48</sup> Bumasa pa tayo nang kaunti.

*At sinabi ng hari sa Sodoma kay Abraham, Ibigay mo sa akin ang mga tao, at kunin mo sa ganang iyo ang mga pag-aari.*

*At sinabi ni Abram sa hari sa Sodoma, Itinaas ko ang aking kamay sa PANGINOONG Dios, na Kataastaasan, na may ari ng kalangitan at ng lupa, (Pakinggan n’yo kung paano niya pinaikli ‘yon, hum, kung paano niya ibinigay iyon sa kanya!)*

*Isinumpa kong hindi ako kukuha maging isang sinulid o maging isang panali ng panyapak, o ng anomang, hindi ng anomang...at na masasabi mong, at na*

*nauukol sa iyo, baka iyong sabihin, Pinayaman ko si Abram:*

*Liban na lamang ang kinain ng mga binata, . . .*

49 Pansinin n'yo ang Melquisedec na ito pagkasalubong Niya kay Abraham na galing noon sa paglipol sa mga hari. Ang hiwaga ng Diyos na ipinahahayag na ngayon! Sino ba Siya? Walang sinuman. . . Wala silang mahanap na tala ng nakalipas tungkol sa Kanya, dahil wala naman Siyang ama, wala Siyang ina, wala Siyang panahon ng pasimula, wala Siyang panahon na mamamatay, kaya kung Sino man Siya ay buhay pa rin Siya. Hindi Siya kailanman nagkaroon ng pasimula, kaya hindi na Siya maaaring maging iba pa kundi si El, Elah, Elohim; mag-isang kusang nabubuhay nang walang hanggan, nabubuhay sa Kanyang Sarili, Diyos na Makapangyarihan sa lahat!

50 May Ama si Jesus, may ina si Jesus; may pasimula ng buhay si Jesus, may katapusan ng buhay sa lupa si Jesus. Ngunit ang Taong ito ay walang ama ni ina man, amen, walang ama ni ina. Si Jesus ay kapuwa may Ama at ina. Ang Taong ito ay walang ama ni ina man. Amen. At ano ang ginawa Niya, pagkatapos ng labanan, pagkatapos na lumugar na sa kanyang posisyon si Abraham?

51 Pagkatapos na lumugar sa sariling posisyon ang iglesya, tatawagin tayo sa pagkukupkop bilang mga anak, ng Espiritu Santo. At kapag lumugar ang bawat tao sa kanyang tamang posisyon, sa kung para saan siya tinawag ng Diyos, at manatili hanggang sa dulo ng daan, na humahayo para sa mga nangaliligaw ng landas.

52 Una, inaalis ni Pablo ang lahat ng katatakutan dito, kaya ngayon, “Kung tinawag nga kayo, kung hindi kayo sadyang nadadala lang sa inyong pag-iisip ng kung anong klase ng teolohiya; kung talagang ipinanganak nga kayo ng Espiritu, kung gayo’y itinalaga nga kayo ng Diyos bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan, inilagay ang inyong pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero, at gayo’y nagkakatiyon tayo upang maupo sa Sangkalangitan kay Cristo Jesus. Isang bayang banal, isang bansang banal, isang sambayanan na sariling pag-aari ng Diyos, maharlika ng pagkasaserdote, na naghahandog ng mga espirituwal na hain sa Diyos, samakatwid baga, ay ang mga bunga ng ating mga labi na nagpupuri sa Kanyang Pangalan.”

53 Pumapasok ang mga tao at nagsasabi, “Mga baliw ang mga taong ’yan.” Tiyak na sila nga; ang karunungan ng Diyos ay kamangmangan sa tao, at ang karunungan ng tao ay kamangmangan sa Diyos. Magkasalungat ang mga ito, sa isa’t isa.

54 Subalit ang isang iglesyang tunay na puspos ng Espiritu, puspos ng kapangyarihan ng Diyos, nakaupong magkakasama sa Sangkalangitan, na naghahandog ng mga haing espirituwal, mga



papuri sa Diyos, na kumikilos ang Espiritu Santo sa kalagitnaan nila, kumikilala ng kasalanan at ipinahahayag ang mga bagay na nasa kalagitnaan nila na mali, itinutuwid at pinapatag iyon at pinapantay. Dahil bakit? Nasa Presensiya ng Diyos lagi ang duguang Hain na iyon.

<sup>55</sup> Ngayon alalahanin n'yo, natalakay na natin ito kaninang umaga. Hindi kayo iniligtas ng Dugo, *pinananatili* kayong ligtas ng Dugo. Kundi iniligtas kayo ng biyaya, sa pamamagitan ng pananampalataya, sinasampalatayanan Ito. Kumatok sa inyong puso ang Diyos dahil itinalaga na Niya kayo nang una pa. Tumingala kayo at sinampalatayanan ito, tinanggap ito. Ngayon ang Dugo ang nagbabayad para sa inyong mga kasalanan. Tandaan n'yo, ang sabi ko, "Hindi hinahatulan ng Diyos ang makasalanan sa paggawa niya ng kasalanan." Makasalanan na siya simula pa lang. Hinahatulan Niya ang isang Cristiano sa paggawa niya ng kasalanan. At pagkatapos dahil sa hinatulan na Niya ito, inako ni Cristo ang ating kahatulan. Kaya wala nang kahatulan pa sa kanila na mga na kay Cristo Jesus, na hindi nagsisilakad nang ayon sa laman, kundi ayon sa Espiritu. At kung makagawa ka man ng anumang bagay na mali, hindi na iyon sinasadya. Hindi ka nagkakasala nang sinasadya. Ang isang taong nagkakasala nang sinasadya, lumalabas at nagkakasala nang sinasadya, ay hindi pa nakapasok sa Katawang iyon. Ngunit ang isang tao na nakapasok nang minsan doon, patay na siya, at nakatago na ang kanyang buhay sa Diyos, sa pamamagitan ni Cristo, tinatakan na ng Banal na Espiritu, at ni hindi na siya mahahanap pa ng diablo, nandoon na siya sa pinakatagong bahagi roon. Kinakailangan niyang lumabas doon bago siya makuha ng diablo. "Sapagkat kayo'y mga patay na!"

<sup>56</sup> Sabihan n'yo ang patay na tao na ipokrito siya at tingnan n'yo ang mangyayari. Tadyakan n'yo siya sa tagiliran at sabihin, "ikaw na matandang ipokrito, ikaw," hindi siya magsasalita. At siyanga, mahihiga lang siya roon.

<sup>57</sup> At ang isang taong patay na kay Cristo, maaari mo siyang tawagin na ipokrito, tawagin siya ng anumang gusto mo, hindi niya kailanman papatulan iyon. Kung may anuman, pupuslit siya sa kung saan at ipananalangin ka niya. Siyanga. Ngunit, oh, ang iba sa kanila ay buhay na buhay pa. Iyon nga ang iniisip ko, dapat sana'y inililibing na natin ang mga patay na tao. Sila na mga patay na kay Cristo, inililibing naman natin sila sa tubig. Kung minsan napakarami nating inililibing na mga taong buhay pa, napakaraming masamang pag-iisip at alitan, at napakarami sa iglesya. Ngunit hindi natin magagawang ihwalay iyon, subalit magagawa ng Diyos. Kilala Niya ang Kanyang mga tao. Kilala Niya ang Kanyang mga tupa. Kilala Niya ang bawat tinig. Kilala Niya ang Kanyang mga anak. Alam Niya kung sino ang maaari Niyang tawagin, kilala Niya ang mga itinalaga na Niya nang una pa. Alam Niya kung kanino Niya

ibinigay ang mga bagay na ito, kung kanino Niya ipinakikilala ang Kanyang Sarili. Gaano Niya . . . Mailalagak ng Diyos ang tiwala sa Kanyang mga anak, sa kung ano ang gagawin, dahil alam Niyang gagawin nila nang eksakto.

58 Naniniwala ba kayong ginagawa iyon ng Diyos? Aba, sinabi ni satanas kay—kay Job isang araw . . . sinabi sa Diyos isang araw, “Oo nga, mayroon Ka nang lingkod.”

59 Sabi ng Diyos, “Walang katulad niya sa lupa. Isa siyang taong sakdal.” May tiwala sa kanya.

60 Sabi ni satanas, “Oh, oo nga, napakagaan kasi ng lahat ng bagay sa kanya. Ibigay Mo siya sa akin sandali at gagawin kong sumpain Ka niya nang mukhaan.”

61 Sabi Niya, “Siya’y nasa iyong mga kamay, ngunit huwag mong kukunin ang kanyang buhay.” Kita n’yo? At ginawa nga nito ang lahat ng bagay maliban sa kunin ang kanyang buhay.

62 Ngunit, oh, si Job, sa halip na . . . ano’ng ginawa niya? Sinumpa ba niya ang Diyos noong kinuha ng Diyos ang kanyang mga anak, noong ginawa nito ang lahat ng mga masamang bagay na ito sa kanya, at lahat na? Hindi kinuwestiyon ni Job. Nagpatirapa siya at sumamba, hallelujah, sabi, “Ang Panginoon ang nagbigay at ang Panginoon ang nag-alis, purihin ang Pangalan ng Panginoon!” Hayan na.

63 Alam ng Diyos ang tiwala Niya kay Job. Alam ng Diyos kung gaano ka Niya mapagtitiwalaan. Alam Niya kung gaano Niya ako mapagtitiwalaan. Ngunit ang pinag-uusapan natin ngayon ay ang paglalagay sa tamang lugar ng anak na ito.

64 Ngayon, kapag ang Biblia . . . Kapag ganap na tapos na ang labanan, kapag tapos nang lahat, kung gayon ano na ang susunod na bagay na ating gagawin? Ano ba ang bagay na gagawin natin pagkatapos ng labanan? Alam n’yo ba ang gagawin natin? Katatagpuin natin si Melquisedec. Magbukas tayo sa Mateo 16:16, kaagad-agad, tingnan kung tama nga ba ’yon o hindi. San Mateo, ika-16 na kabanata at ika-16 na talata. Sigurado ako na tama ’yon, Mateo 16:16. Mateo sais- . . . Hindi, mali ’yon, hindi maaaring ganoon kalapit. 26:26. Oh, dito sa 16, kausap Niya si Simon Pedro; ipagpaumanhin n’yo, hindi ko ibig na sabihin iyon. 26:26, ’pagkat ’yun lang sa huling hapunan, iyon ang sinisikap kong mahanap. Mateo, sa ika-26 na kabanata at sa ika-26 na talata. Ngayon natagpuan na natin ito, heto na nga, sa huling hapunan.

*At samantalang sila’y nagsisikain, ay dumampot si Jesus ng tinapay, at pinagpala, at pinagputolputol, at ibinigay sa Kanyang mga alagad, at sinabi, Kunin ninyo, kanin ninyo; ito ang aking katawan.*

*At dumampot siya ng isang saro, at nagpasalamat, at ibinigay sa kanila, na nagsasabi, Magsiinom kayong lahat diyen;*

*Sapagka't ito ang aking dugo ng tipan, na nabubuhos dahil sa marami sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan (m-g-a k-a-s-a-l-a-n-a-n, mga kasalanan, mga Cristiano na nakagagawa ng mga maling bagay).*

65 Buweno, "Datapuwat—datapuwat . . ." Pakinggan n'yo, ika-29 na talata.

*. . . sinasabi ko sa inyo, na buhat ngayon ay hindi na ako inom ng bunga ng ubas, hanggang sa araw na yaon na inumin kong panibago na mga kasalo ko kayo sa kaharian ng aking Ama.*

66 Ano? Pareho rin sa ginawa ni Melquisedec pagkatapos na matamo ni Abraham ang kanyang posisyon. Isinaayos ang kanyang mga tauhan, at nanalo sa labanan, at umuwi na, at pumaroon si Melquisedec na may tinapay at alak. Pagkatapos ng labanan, kung magkagayo'y kakain na tayo ng Hapunan ng Kasalan kasama ng Panginoong Jesus sa bagong sanlibutan. Oh, purihin ang Pangalan ng Panginoon. Buweno.

67 "Ang mga hiwaga ng Kanyang kalooban, ayon sa Kanyang minagaling," balik na muli sa Mga Taga Efeso, 9, "na ipinasya Niya sa Kanya rin."

*Sa pagdating ng takdang kaganapan ng panahon . . .*

68 At alalahanin na, kadadaan lang natin dito. Efeso, unang kabanata, ika-10 talata.

*Sa pagdating ng takdang kaganapan ng panahon . . .*

69 Ngayon, nalaman na natin na ang kaganapan ng panahon ay naghihintay para sa ano? Ang kaganapan ng buong panahon, ang panahon kung kailan magwawakas na ang kasalanan, ang panahon kung kailan magwawakas na ang kamatayan, ang panahon kung kailan magwawakas na ang karamdaman, ang panahon kung kailan magwawakas na ang kasalanan, ang panahon kung kailan ang lahat ng mga kabaluktutan ('yung mga bagay na baluktot, na binaluktot ng diablo) ay magwawakas na, kung kailan ang oras mismo ay magwawakas na. Pansinin n'yo.

*Sa pagdating ng takdang kaganapan ng panahon upang tipunin . . . ang lahat ng mga bagay kay Cristo, ang mga bagay na nangasa sangkalangitan, at ang mga bagay na nasa ibabaw ng lupa; sa kaniya:*

70 "Tipunin ang lahat ng mga bagay kay Cristo." Kagaya ng sinabi ko kaninang umaga, lahat ng mga munting mahahalagang butil na mahahanap natin, itong mga dakilang mumunting bagay, maaari n'yong pakinangin ang mga ito sa Genesis, maaari n'yong pakinangin ang mga ito sa Exodo, maaari n'yong pakinangin ang mga ito sa Levitico, at dalhin ang mga ito

hanggang sa dulo, at sa Apocalipsis mauwi ang mga ito bilang si Jesus na. Kunin n'yo si Joseph, kunin n'yo si Abraham, kunin n'yo si Isaac, kunin n'yo si Jacob, kunin n'yo si David, kunin n'yo ang alinman sa mga mahahalagang butil na iyon, ang mga taong iyon ng Diyos, at tingnan kung hindi n'yo makita si Jesus Cristo na ipinamamalas sa bawat isa sa kanila. "Upang tipunin Niya ang lahat ng bagay sa Iisa, kay Cristo Jesus."

<sup>71</sup> Ngayon, pumalaot pa tayo nang kaunti ngayon, sa ika-11 talata na.

*Tayo rin naman sa kaniya ay ginawang mana, . . .*

<sup>72</sup> Oh, "isang mana." Kailangang may mag-iwan sa iyo ng isang bagay, para mamana ito. Tama ba? Isang mana! Ano ba ang mana natin? Ano ba ang minana ko? Wala akong kahit ano. Subalit nag-iwan ang Diyos sa akin ng isang mana noong inilagay Niya ang aking pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan.

<sup>73</sup> Oh, sasabihin n'yo, "Ngayon, sandali lang, kapatid, ginawa iyon ni Jesus noong namatay Siya para sa iyo." Hindi, hindi Niya kailanman ginawa. Dumating si Jesus para tubusin ang mana na iyon para sa akin. Basahin n'yo ang kasunod mismo na tala- . . . kasunod mismo na linya.

*Tayo rin naman sa kaniya ay ginawang malinaw na . . . ginawang mana, na itinalaga na niya tayo nang una pa ayon sa pasiya niyaong gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa pasiya ng kaniyang mabuting kalooban:*

<sup>74</sup> Ang Diyos, bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan, gaya ng tinalakay na natin sa pag-aaral, kayong mga tao, kung papaanong nakita natin na ang Diyos ay kusang nabubuhay na mag-isa nang walang hanggan, kung papaanong sa loob Niya ay ang pag-ibig. Nasa Kanya ang maging Diyos; wala pa noong anumang bagay para sumamba sa Kanya. Nasa Kanya ang maging isang Ama; mayroong. . . Nag-iisa lang Siya. Nasa Kanya ang maging isang Tagapagligtas; wala pa noong naliligaw. Nasa Kanya ang maging isang Tagapagpagaling. Iyon ang mga katangian Niya. Wala pang kahit ano noon na naroroon. Kaya ang Kanyang Sarili Mismo, ang Kanyang Sariling mabuting kalooban ay naglabas ng mga bagay na ito, upang sa pamamagitan ng isang Tao na ito, si Cristo Jesus, ay Kanyang tipunin itong lahat na muli. Oh! "Hindi nakita ng mata, ang tainga ay hindi. . ." Hindi nakapagtataka na isa itong misteryosong bagay!

<sup>75</sup> Tingnan n'yo, "itinalaga na tayo nang una pa sa mana na ito." Kung ako ang tamang tagapagmana ng isang bagay, kung kumakatok ang Diyos sa puso ko at nagsasabi, "William Branham, tinawag Kita matagal nang panahon, bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan, upang ipangaral ang Ebanghelyo," mayroon akong mana, isang mana na Buhay na Walang

Hanggan. Ngayon, isinugo ng Diyos si Jesus upang gawing totoo ang manang iyon sa akin, dahil sa wala akong anumang magagawa para—para mamana ko iyon. Blangko iyon, may bisa iyon, wala akong anumang maaaring gawin. Ngunit sa kaganapan ng panahon ay isinugo ng Diyos, sa Kanya Mismong tamang panahon, si Jesus na Kordero, na pinaslang bago pa man maitatag ang sanlibutan. Ang Dugo Niya ay nabuhos upang makaparoon ako sa aking mana. Upang maging ano, anong mana? Ang pagiging anak, upang maging anak ng Diyos.

<sup>76</sup> At ngayon baka mabulunan kayo Rito hanggang sa di na makahinga. Ngunit alam n'yo ba na ang mga taong anak ng Diyos ay mga maliliit na diyos? Ilan ba sa inyo ang nakakaalam niyon? Ilan ba sa inyo ang nakakaalam na sinabi iyon ni Jesus? Ang Biblia, si Jesus ay nagsabi, “Hindi ba't sinabi ng inyong kautusan, mismo, na kayo ay ‘mga diyos’? At kung tinatawag ninyo sila na mga diyos...” Na, sinabi ng Diyos sa Genesis 2 na sila ay mga diyos, dahil sa sila, ay may ganap na pamamahala sa nasasakupan ng sanlibutan. Binigyan Niya siya ng kapamahalaan sa lahat ng bagay. At naiwala niya ang kanyang pagiging diyos, naiwala niya ang kanyang pagiging anak, naiwala niya ang kanyang nasasakupan, at pinamahalaan iyon ni satanas. Ngunit, kapatid, hinihintay natin ang pagkahayag ng mga anak ng Diyos na magbabalik at pamamahalaan itong muli. Hinihintay ang kaganapan ng panahon, kapag umabot na ang piramide sa ituktok, kapag ang mga ganap na anak ng Diyos ay maihayag na, kapag ang kapangyarihan ng Diyos ay paroroon na (hallelujah) at kukunin ang bawat kapangyarihan na kinuha ni satanas mula rito. Siyanga, po, kanya iyon.

<sup>77</sup> Siya ang Logos na lumabas mula sa Diyos, totoo iyon, iyon ang Anak ng Diyos. Pagkatapos ay ginawa Niya ang tao na maliit na diyos na iyon. At sinabi Niya, “Kung tinatawag nila yaong mga dinaratnan ng Salita ng Diyos, ang mga propeta, kung tinatawag nila sila na ‘mga diyos’ na dinaratnan ng Salita ng Diyos...” At sinabi nga ng Diyos, Mismo, na mga diyos sila. Sinabi Niya kay Moises, “Ginawa Kitang isang diyos, at ginawa Kong propeta mo si Aaron.” Amen. Whew! Maaaring kumikilos ako na parang relihiyosong masintu-sinto, pero hindi ako ganun. Oh, kung mabuksan lang sana ang inyong mga mata at makita ang mga bagay na iyon. Buweno. Ginawa Niyang isang diyos ang tao, isang diyos sa kanyang nasasakupan. At ang nasasakupan niya ay umaabot mula sa dagat hanggang sa kabilang dagat, mula sa baybayin hanggang sa kabilang baybayin; nasa kanya ang pamamahala rito.

<sup>78</sup> At noong dumating si Jesus, bilang ang Nag-iisang Diyos na walang kasalanan, ay pinatunayan Niya iyon. Noong umihip ang mga hangin, sabi Niya, “Pumayapa, tumahimik ka!” Amen. At

noong 'yung puno, sabi Niya, "Wala nang taong kakain mula sa iyo."

<sup>79</sup> "Katotohanang, sinasabi Ko sa inyo, kayo na mga maliliit na diyos, kung sasabihin ninyo sa bundok na ito, 'malipat ka,' at hindi mag-alinlangan sa inyong puso, kundi sampalatayanan na ang sinabi ninyo ay mangyayari, makakamtan n'yo ang sinabi n'yo."

<sup>80</sup> Bumalik kayo mismo sa Genesis, sa orihinal, ano ito? Ngayon ang mundo at kalikasan ay humihibik, umiiyak, ang lahat ay pumaparoon na. Sa ano? Para sa pagkahayag ng mga anak ng Diyos, kapag ang tunay na mga anak, ipinanganak na mga anak, puspos na mga anak ay nagsasalita at na may pagpapatibay ang kanilang salita. Naniniwala akong nasa karatig na tayo nito ngayon mismo. Siyanga, po. Ang sabihin ninyo sa bundok na ito, na maging ganoon nga.

<sup>81</sup> "Kapatid, ako—naghahangad ako ng *ganito-at-ganoon*, na magawa ang isang bagay na ito. Isa akong mananampalataya kay Jesus Cristo."

<sup>82</sup> "Ibinibigay ko ito sa iyo sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo." Amen. May pagpapamalas.

<sup>83</sup> "Oh, kapatid, nasusunog na ang mga pananim ko roon. Matagal nang walang ulan."

<sup>84</sup> "Isusugo ko sa iyo ang ulan, sa Pangalan ng Panginoon." Hayun darating na ito. Oh, naghihintay, humihibik, ang buong kalikasan ay naghihintay para sa pagkahayag ng mga anak ng Diyos. Itinalaga ito ng Diyos noong pasimula pa. Ipinagkaloob Niya sa tao ang pamamahala.

<sup>85</sup> Ipinagkaloob Niya kay Jesus Cristo, at ipinagkaloob naman ito ni Jesus sa Kanyang Pangalan, na kasama ng katiyakan na ito, "Hingin ninyo sa Ama ang anumang bagay sa Aking Pangalan at gagawin Ko iyon." Oh, Kapatid na Palmer! Naghihintay para sa pagkahayag ng mga anak ng Diyos, sa posisyon, ang iglesya!

<sup>86</sup> Gaya nga ng sabi ko, ang Aklat ng mga Taga Efeso ay ang Aklat ni Josue, at inilalagay ni Josue ang mga tao kung saan sila dapat. Ngayon, kung hindi sila pipirme, at inilagay niya si Ephraim dito, at doon sa lupain ni Manases, at babalik ang isang *ito* na nakikipagtalo at nakikipagbangayan, papaano sila magkakasundo? Samantalang ang sinasabi ng isa, "Baptist ako, Methodist ako, Pentecostal ako, Oneness ako, Twoness ako, *Ganito-at-ganoon* ako."

<sup>87</sup> Papaano n'yo pa magagawa iyon? Tumahimik kayo! Nais ng Diyos na iposisyon ang Kanyang Iglesya, ang mga anak na lalaki't babae ng Diyos. Diyos, itulot Mo nawa na maabutan ko pang makita iyon, ang siyang dalangin ko. Napakalapit na hanggang sa halos maramdaman ko na iyon sa aking mga kamay, tila бага. Naririyang na ito mismo. Iyon ang inasam kong

makita, naghihintay para sa panahon kung kailan naglalakad sa lansangan; may nakahimlay roon na isang lumpo, mula pa sa sinapupunan ng kanyang ina, “Pilak at ginto ay wala ako.” Oh, naghihintay para sa pagkahayag ng mga anak ng Diyos, hallelujah, kung kailan ihahayag na ng Diyos ang Kanyang Sarili, kung kailan patitigilin na nila ang sakit, patitigilin na nila ang kanser, patitigilin na nila ang mga karamdaman.

<sup>88</sup> Akala n’yo ba matindi na ang kanser? Sabi ng Biblia na darating ang panahon kung kailan mabubulok ang mga tao sa kanilang laman mismo, at kakainin na ng mga buwitre ang nabubulok nang mga katawan bago pa man sila mangamato. Ang kanser ay sakit lang ng ngipin kumpara sa kung ano ang paparating. Ngunit, tandaan n’yo, ang kahindik-hindik na bagay na iyon ay pinagbabawalan sa araw na iyon na galawin’yung mga may Tatak ng Diyos. Iyon ang pinagsusumikapan natin ngayon, ang makapasok at maiposisyon sa lugar sa Kaharian ng Diyos bago umatake ang mga nakapangingilabot na salot na ito. Oh, gaano kainam! Ang dispensasyon ng panahon, kaganapan ng panahon, ang mana.

Tayo rin naman sa kaniya . . . ay ginawang . . . mana,  
na itinalaga na niya tayo nang una pa . . .

<sup>89</sup> Papaano nga ba ibinigay sa atin ang ating mana, sa pamamagitan ng ano? Predestinasyon. Ang predestinasyon ay paunang kaalaman. Papaano nalaman ng Diyos na mapagkakatiwalaan ka Niya na maging isang mangangaral? Sa Kanyang paunang kaalaman. “Hindi sa may ibig ni sa tumatakbo, ni siya . . . Ito’y sa Diyos na nahahabag.” Siyanga, predestinasyon. Alam na Niya kung ano ang nasa inyo. Alam na Niya kung ano ang nasa inyo bago pa man kayo dumating sa lupa. Alam na Niya kung ano ang nasa inyo bago pa man nagkaroon ng lupa na paroroonan ninyo. Iyon ay—iyon Siya. Iyon ang walang hanggang Diyos, ang walang hanggan. May hangganan tayo, may hangganan lang ang pag-iisip natin.

<sup>90</sup> Naging napakahalaga nito sa akin, mula noong nangyari’yun sa akin. Hindi ko alam. Noong nag-iisip ako roon, noong nakatayo ako roon sa loob ng ilang maliligayang sandaling iyon, at naisip ko, “Wala nang bukas.” Wala nang kahapon, wala nang mga sakit, wala nang kapighatian. Walang kaunti lang na kagalakan, pagkatapos ay isang malaking kagalakan; lahat ay kagalakan. Oh, naku! Oh, noong nakatayo ako roon at sabi ko, “Ano kaya ito?”

<sup>91</sup> Ang Tinig na iyon ay nagsabi, “Ito ang sakdal na pag-ibig, at lahat ng inibig mo at lahat ng umibig sa iyo ay nariritong kasama mo ngayon.”

<sup>92</sup> “At ihaharap mo kami sa Panginoong Jesus pagdating Niya, bilang mga tropeo ng iyong ministryo.” Nakita ko ang magagandang mga kababaihang iyon na nangakatayo roon,

hinahatak nila akong lahat at sumisigaw, “Mahal kong, ginigiliw na kapatid!” Nakita ko ang mga kalalakhing iyon at ang buhaghag na buhok na iyon hanggang sa kanilang leeg rito, na nagtatakbuhan, hinahatak ako at nagsasabi, “Ginigiliw naming kapatid!”

At naisip ko, “Ano kaya ang ibig sabihin nito?”

Sabi Niya, “Mga kaanak mo sila.”

<sup>93</sup> Sabi ko, “Mga kaanak ko? Hindi maaaring magkaroon ng ganyan karaming mga Branham, ’yan ay milyun-milyon na.”

<sup>94</sup> Sabi Niya, “Mga naakay mo sila!” Hallelujah. “Mga naakay mo sila. Sila ang mga . . .” Sabi, “Nakikita mo ba ang isang ’yon na nakatayo roon?” Ang pinakamagandang babaeng nakita ko. Sabi, “Mahigit nobenta anyos na siya noong inakay mo siya sa Diyos. Hindi nakapagtataakang sumisigaw siya, ‘Ginigiliw kong kapatid.’” Sabi, “Hindi na siya tatanda pa. Lumipat na siya mula roon. Nasa kasibulan na siya ng kabataan. Nakatayo siya rito. Hindi na siya iinom ng malamig na inuming tubig, hindi na niya kailangan iyon. Hindi na siya mahihiga at matutulog, dahil hindi na siya napapagod. Wala nang bukas, walang kahapon, ni anupaman. Nasa Walang Hanggan na tayo ngayon. Ngunit isang maluwalhating araw ay darating ang Anak ng Diyos, at hahatulan ka ayon sa Salita na ipinangaral mo sa kanila.” Oh, kapatid!

Sabi ko, “Kailangan din bang dalhin ni Pablo ang kanyang grupo?”

“Opo, ginoo.”

<sup>95</sup> Sabi ko, “Ipinangaral ko Iyon kung paano mismo sinabi Iyon ni Pablo. Hindi ako lumihis, hindi ako nagdala sa anumang iglesya ng mga kredo o anupamang ibang bagay. Nanatili ako sa dati pa rin.”

<sup>96</sup> At sumigaw silang lahat nang iisa, “Alam namin iyon! Nagtitiwala kami na may katiyakan.” Sabi, “Ihaharap mo kami sa Kanya, at pagkatapos tayo’y babalik na muli sa lupa, upang mabuhay magpakailanman.” Oh, naku!

<sup>97</sup> Nang mga oras na iyon ay nag-umpisa na akong bumalik sa dating malay. Tumingin ako, nakahiga ako roon sa higaan, at nakita ko ang matanda kong katawan dito na tumatanda at nangungulubot na, at hukot na at—at may mga sakit at nananakit na, at nakita ko ang mga kamay ko sa likod ng ulo ko, at naisip ko, “Oh, kailangan ko pa bang bumalik sa bagay na iyon muli?”

<sup>98</sup> At patuloy kong naririnig ang Tinig na iyon, “Magpatuloy ka! Magpatuloy ka!”

<sup>99</sup> Sabi ko, “Panginoon, noon pa ma’y naniniwala na ako sa Makalangit na pagpapagaling, patuloy kong paniniwalaan iyon. Ngunit magpapatuloy ako para sa mga kaluluwang iyon, kaya



tulungan Mo po ako. Marami ako roon na aking . . . Pahintulutan Mo akong mabuhay pa, Panginoon, at maglalagay ako ng isang milyon pa doon, kung pahihintulutan Mo lang akong mabuhay pa.”

<sup>100</sup> Wala akong pakialam maging ano pa man ang kulay, ang kredo, ang nasyonalidad, kung ano man sila, iisa lang sila pagdating nila roon, at wala na ang mga guhit ng hangganan na iyon. Oh, nakikita ko pa ang mga kababaihang iyon, napakagaganda; hindi pa ako nakakita . . . bumaba na, mahabang buhok pababa sa kanilang likuran. Mahahabang palda hanggang sa ibaba. Wala silang panyapak. Nakita ko ang mga kalalakiang iyon na may buhaghag na buhok hanggang sa kanilang leeg, mga pulang buhok, itim na buhok, at lahat magkakaibang kulay. At niyayakap nila ako. Nararamdaman ko sila. Naramdaman ko ang mga kamay nila. Ang Diyos ang aking Tagahatol, at nakabukas ang banal na Aklat na ito. Nararamdaman ko sila kung paanong nararamdaman ko ang mga kamay ko sa aking mukha. Niyayakap nila ako, walang sensasyon sa kababaihan doon na tulad ng sa ngayon. Wala akong pakialam kung gaano ka man kabanal, kung sino ka man, kung anong klaseng mangangaral ka man, pari o maging ano ka man, walang lalaki na hahayaang yakapin siya ng isang babae, nang hindi nagkakaroon ng makataong sensasyon. Iyon ang mismong katotohanan. Ngunit, kapatid, kapag nakatawid ka na sa pagitan dito at doon, hindi ganoon sa dakong iyon. Oh, naku! Ito ay lubos na . . . Oh, may . . . Imposible iyon. Pag-ibig na lahat. Ang lahat ay tunay na kapatid na lalaki at lahat ay tunay na kapatid na babae. Wala nang kamatayan, walang kapighatian, walang pagseselos, walang anupaman, walang makapapasok doon. Pawang kasakdalan lamang. Iyon ang pinagsusumikapan ko. Para sa bagay na iyon ako nagpupuwesto.

<sup>101</sup> Sabi ko, “O Panginoon, iyon ang ipinaparito ko sa iglesya, sinisikap na isaayos ang iglesya.” Sinasabi sa inyo, kapatid na lalaki at kapatid na babae, na iisang bagay lang ang makapapasok doon, ’yun ay ang sakdal na pag-ibig. Hindi dahil tapat ka sa Branham Tabernacle, o sa iglesyang Methodist o sa iglesyang Baptist. Mainam ang mga iyon, dapat lang na maging ganoon ka. Ngunit, oh, mga kaibigan, kailangan ninyong . . . Hindi dahil nagsalita kayo ng mga wika, sumayaw sa Espiritu, dahil sa nagpalayas kayo ng mga demonyo o pinalipat ang mga bundok gamit ang pananampalataya. Ayos lang ang lahat ng iyon, dahil mainam iyon, ngunit gayunpaman maliban na naroon ’yung tunay na sakdal na pag-ibig. Doon tumatahan ang sakdal na pag-ibig. At iyon lang ang tanging bagay na makapagpapapasok sa inyo roon. Iyon lang ang tanging makapananatili roon, iyon lang ang bagay na mayroon, doon. Oh naku! Iyon ay pagkukupkop. Ang Diyos, bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan.

<sup>102</sup> Ngayon, dalian na natin, tapusin na natin ang isang kabanata na ito, sa paano't paano man, kung maaari, sa loob ng susunod na sampung minuto.

*Tayo rin naman sa kaniya ay ginawang mana...  
(Mamanahin natin ang ano? Buhay na Walang Hanggan)... na itinalaga na niya tayo nang una pa... .*

Paano? Nauunawaan ba ng lahat iyon? Tumawag ba kayo sa Diyos? Hindi, tinawag kayo ng Diyos. Sinasabi ng ilang mga tao, "Oh, talagang hinanap ko ang Diyos, at hinanap ang Diyos."

Hindi ka naghanap. Walang tao na naghanap sa Diyos. Ang Diyos ang humahanap sa tao. Sabi ni Jesus, "Walang taong makalalapit sa Akin maliban na ilapit muna siya ng Aking Ama." Kita n'yo, kalikasan ng tao na tumakbo palayo sa Diyos. At sinasabi ninyo ngayon... .

<sup>103</sup> Iyon, 'yun ang bumabagabag sa akin, gayunman, ang mangaral sa inyo na mga tao; huwag kayong manatili sa dating kalagayang matagal n'yo nang ginagalawan, magbago na kayo ngayon! Pakinggan ninyo ako sa pagsasabi nito, GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Hindi ko kailanman tinawag ang sarili ko na ganito, ako'y hindi. Ngunit tinatawag ninyo ako na propeta ninyo, o isang propeta. Pinaniniwalaan iyon ng mundo, sa buong mundo, ng milyun-milyon at milyong mga tao. Nangusap na ako nang direkta at hindi direkta sa sampu o—sampu o labindalawang milyong katao, o higit pa, direktang nangungusap. Nakakita na ako ng laksa-laksang mga pangitain at mga tanda at mga kababalaghan, at wala ni isa sa mga iyon ang nabigo. At siyanga. Sinabi Niya sa akin ang mga bagay na hindi nabigong maganap nang eksaktong-eksakto. Dadalhin ko ang sinumang tao sa paghatol para riyan. Siyanga. Hindi ako nag-aangkin na isang propeta, subalit pakinggan ninyo ako.

<sup>104</sup> GANITO ANG SABI NG PANGINOON, kinakailangan ng sakdal na pag-ibig para mailagay kayo sa lugar na iyon, sapagkat iyon lang ang mayroon doon. Kahit ano pang pera, gaano man karaming relihiyosong pagpapatunay, gaano man karaming mabubuting gawa ang nagawa n'yo o ano pa man ang nagawa ninyo, walang halaga iyon sa araw na iyon. Kinakailangan ng sakdal na pag-ibig. Kaya anuman ang gawin ninyo, isantabi ninyo ang lahat ng iba pang mga bagay hanggang sa lubos kayong mapuspos ng pag-ibig ng Diyos hanggang sa magawa ninyong ibigin 'yung mga namumuhi sa inyo.

<sup>105</sup> Ako'y sadya lamang gaya nga ng sinabi ko kaninang umaga, nilikha ako, ang kabuuan ko ay biyaya. Maraming tao ang nagsasabi, "Ngayon, kamutin mo ang likod ko at kakamutin ko naman ang likod mo. Oo, gawin mo ang isang bagay para sa akin at gagawin ko rin ang isang bagay para sa iyo." Hindi iyon biyaya. Ang biyaya ay, kung nangangati ang likod mo, kakamutin ko pa rin iyan, kamutin mo man ang likod ko

o hindi; sampalin mo man ako sa mukha, at sabihing “ang likod ko ay kailangang nangangati, o, kailangang kamutin,” kakamutin ko iyon. Kita n’yo? Ganoon nga, gumawa kayo ng isang bagay. Hindi ako naniniwala sa mga gawa. Naniniwala ako na ang mga gawa ay pag-ibig. Ang mga gawa ay—ang mga gawa ay ang pagpapatunay na naganap na ang biyaya. Hindi ako namumuhay nang tapat sa aking asawa dahil lang sa naniniwala akong ididiborsiyo niya ako kung hindi ako ganoon, namumuhay ako nang tapat sa kanya dahil sa mahal ko siya.

<sup>106</sup> Hindi ko ipinangangaral ang Ebanghelyo dahil lang sa iniisip ko na baka mapunta ako sa impiyerno kung hindi ako nangaral, ipinangangaral ko ang Ebanghelyo dahil sa mahal ko Siya. Tunay nga. Sa palagay n’yo ba tatawirin ko ang maunos na mga dagat na iyon, at na ang mga eroplano ay bumubulu-bulusok na, at kumikidlat-kidlat pa, at—at lahat na ng iba pa, at sa anumang minuto . . . at bawat isa ay humihiyaw na, at mga “Aba Ginoong Maria” ang maririnig na sa buong eroplano, at lahat na? ‘Yung mga tao ay nayuyugyog na nang husto doon sa mga safety belt, at sinasabi ng piloto, “Sapat na lang na gas para tumagal pa nang labinlimang minuto, hindi ko alam kung nasaan na tayo.” Sa palagay n’yo ba gagawin ko iyon para lang—para lang sa kasiyahan sa paggawa nito? Huh! Sa palagay n’yo ba babalik ako roon sa kagubatan kung saan kinakailangan akong paakbay na kublihan ng mga sundalong Aleman nang *paganito* tuwing gabi at dalhin ako papasok at palabas ng pagtitipon, hanggang sa mag-umpisang magpamalas ang Espiritu Santo ng mga himala? Naroroon ang mga komunista na may mga panggabing teleskopyo, para barilin ako isang milya kalayo. Sa palagay n’yo ba’y gagawin ko iyon para lang sa kasiyahan nito? Dahil may bagay sa akin na umiibig; mga tao sila na pinagbuwisan ng buhay ni Cristo. Sabi ni Pablo, “Hindi lamang ako nakahandang pumunta sa Jerusalem, kundi pupunta ako roon upang maipako sa krus. Paroroon ako upang mamatay. Pupunta ako roon upang mamatay para sa layunin ng Panginoon.” Ito’y bagay, pag-ibig na nagtutulak sa iyo, na nagpapakilos sa iyo. Talagang tama ‘yan.

<sup>107</sup> Kung ipinangangaral ko ang Ebanghelyo dahil lang sa pera, kung ganoon lang, hindi sana ako nagkakautang ng dalawampung libong dolyar ngayong gabi, hindi sana ako ganyan kalubog sa utang. Hindi, po. Dahil itinago ko na sana ang ilan sa—ilan sa mga milyon na ibinigay sa akin. Isang tao, isang tao ang nagpadala ng mga kinatawan ng F.B.I. na may dalang isang milyon at limandaang libong dolyar na tseke. At sabi ko, “Ibalik ninyo.” Hindi dahil sa pera! Hindi sa pera. Hindi ko ipinangangaral ang Ebanghelyo dahil sa pera. Hindi dahil doon!

<sup>108</sup> Dahil iyon sa pag-ibig. Ang bagay na gusto kong gawin, ay, kapag tatawirin ko na ang huling hininga ko patungo sa dako roon, na maaaring sa loob ng limang minuto mula

ngayon, maaaring ito ay sa loob ng dalawang oras mula ngayon, maaaring limampung taon pa mula ngayon, hindi ko alam kung kailan iyon. Ngunit kapag nangyari nga iyon, nakarating na ako roon, gusto ko kayong makita na nasa kasibulan ng kabataan, na tumatakbo, sumisigaw, “Mahal kong kapatid! Aking kapatid!” Iyon ang nasa puso ko. Iyon ang dahilan. Hindi ko sinisikap na di-sumang-ayon sa inyo para lang maging—maiba, kundi sinisikap kong ilagay kayo sa landas na tama. Iyon ang daan papasok. Hindi ang simbahan ninyo, hindi ang denominasyon ninyo, kundi ang kapanganakan ninyo kay Cristo. Oh, naku. Whew!

*Tayo rin...sa kaniya ay ginawang...mana, na itinalaga na niya tayo nang una pa ayon sa pasiya niyaong gumagawa ng lahat ng mga bagay ayon sa pasiya ng kaniyang kalooban:*

109 Makinig kayo. Magtatapos na tayo sa loob ng ilang minuto. Makinig kayong mabuti ngayon bago tayo magtapos.

*Upang tayo’y maging mga kapurihan ng kaniyang kaluwalhatian, tayong nagsiasa nang una . . . kay Cristo.*

*Na sa kaniya’y kayo rin naman ay nagtiwala, . . .*

110 Pagmasdan ninyo ito ngayon, nang mabuti. Isuot ninyo ang inyong mga jacket, mga jacket ng Ebanghelyo. Ibukas ninyo ang inyong mga tainga, makinig nang mabuti. Nasa ika-13 talata na ako.

*Na sa kaniya’y kayo rin naman ay nagtiwala, pagkarinig ninyo. . .*

“Ang pananampalataya ay nanggagaling sa . . .” [Sinasabi ng kongregasyon, “Pakikinig.”—Pat.] “pakikinig ng . . .” [“Salita.”] “Salita ng . . .” [“Diyos.”]

*. . . pagkarinig ninyo ng aral ng katotohanan, . . .*

111 Ano ba ang Katotohanan? Ang Salita ng Diyos. Tama ba? Juan 17:17, kayo na nagsusulat ng Mga Kasulatan, sabi ni Jesus, “Pakabalanin Mo sila, Ama, sa Katotohanan. Ang Salita Mo ay Katotohanan.”

*. . . pagkatapos ninyong marinig ang katotohanan, ng evangelio ng inyong kaligtasan: . . .*

112 Ano ba ang kaligtasan na sinisikap niyang sabihin sa kanila? Itinalaga na bago pa man maitatag ang sanlibutan (Tama ba?), tungo sa pagkukupkop bilang mga anak, itinalaga na nang una pa sa Buhay na Walang Hanggan. Ngayon, pagkatapos ninyong marating ang Buhay na Walang Hanggan, pagkatapos ninyong maligtas, mabanal, mapuspos ng Espiritu Santo, mga anak na kayo. Ngayon gusto ng Diyos na mailagay na kayo sa posisyon, oh, nang sa ganoon makagawa na kayo para sa Kanyang Kaharian at sa Kanyang ikaluluwalhati.

113 Iyon ang Ebanghelyo. Na, una, pakinggan ang Salita, “Mangagsisi kayo, at mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan.” Inaalís ang lahat ng inyong mga kasalanan, tumatawag sa Pangalan ng Panginoong Jesus Cristo, para sa Lupang pangako. Ang pangakong iyon ay sa bawat nakikipamayan na naglalakbay na. Kung iniwan mo ang iyong tahanan ngayong gabi, na isang makasalanan, nagsasabing, “Pupunta ako roon sa Branham Tabernacle,” binibigyan ka ng pagkakataon ng Diyos ngayong gabi. May isang bagay na nakapagitan sa iyo at sa Lupang pangako. Ano ba ang Lupang pangako? Ang Banal na Espiritu. Ang nakapagitan kina Josue at sa lupang pangako ay ang Jordan. Ganoon na nga mismo.

114 Si Moises, bilang isang tipo ni Cristo, ay pinangunahan ang mga anak hanggang sa lupang pangako, pagkatapos ay hindi na dinala ni Moises ang mga anak sa lupang pangako. Dinala ni Josue papasok ang bayan at hinati-hati ang lupaing iyon. Binayaran ni Jesus ang halaga, dinala sila hanggang sa Espiritu Santo. Isinugo ng Diyos ang Espiritu Santo at ipinosiyon Nito ang iglesia sa tamang ayos, ang bawat tao, pinupuno siya ng Presensiya ng Kanyang Katauhan. Nakikita n’yo ba ang ibig kong sabihin? Ang lahat kay Cristo Jesus, kung papaanong nang una pa’y itinalaga na ito ng Diyos sa pagtawag ng Ebanghelyong ito!

115 Si Pablo, Mga Taga Galacia 1:8, ay nagsabi, “Kung isang Anghel ang dumating na nangangaral ng anupamang ibang bagay, ay hayaan siyang matakawil.” Ang Katotohanan, ang Ebanghelyo. Ngayo’y makinig nang mabuti habang nagpapatuloy pa tayo sa pagbasa, sa pagtatapos ng talata.

*. . . ng evangelio ng inyong kaligtasan: na sa kaniya rin naman . . . (makinig nang mabuti) . . . mula nang kayo’y magsisampalataya, ay kayo’y tinatakan ng Espiritu Santo na ipinangako,*

116 Sa huling panahon, sabi ng Biblia, ngayon masdan n’yo, magkakaroon ng dalawang klase ng mga tao sa huling panahon. Ang isa sa mga iyon ay magtataglay ng Tatak ng Diyos, ang isa nama’y ang tatak ng hayop. Tama ba? Ilan ang nakakaalam niyan? Buweno, kung ang Tatak ng Diyos ay ang Tatak ng . . . Kung ang Tatak ng Diyos ay ang Banal na Espiritu, kung gayon kung wala ang Banal na Espiritu ay ang tatak ng hayop. At sinabi ng Biblia na magiging magkaparehong-magkapareho ang dalawang espiritung iyon na ano pa’t madadaya nito ang mismong mga Hinirang kung maaari. Hindi niyon magagawa iyon kailanman, dahil hinirang na sila sa Buhay na Walang Hanggan. Kita n’yo?

117 Mga nagsisimba, gaya ng nalalaman natin na may sampung dalaga na lumabas upang salubungin ang Panginoon, lahat

nilinis na, lahat ay banal na, bawat isa sa kanila ay malinis na. Ang lima ay mapagpaliban at hinayaan na mamatay ang kanilang mga ilaw. Ang lima naman ay may langis sa kanilang mga ilawan. “At, narito dumarating na ang Kasintahang Lalaki!” At ang lima na may langis sa kanilang mga ilawan ay pumasok sa Hapunan ng Kasalan. At naiwan ang iba pa sa labas kung saan may pag-iyak at pagtangis at pagngangalit ng mga ngipin. Maging handa kayo, sapagkat hindi ninyo alam kung anong minuto darating ang Panginoon. Magkaroon ng . . . Ano ba ang inirerepresenta ng langis sa Biblia? Espiritu Santo.

<sup>118</sup> Ngayon sa inyo ngayon, kayong mga kapatid na Seventh-day Adventist na nagsabing ang ikapitong araw ay ang Tatak ng Diyos, magpakita kayo ng isang Kasulatan para patunayan ito. Sabi ng Biblia na ang Tatak ng Diyos ay ang Banal na Espiritu. Tingnan n’yo ito. “Na . . .” Tingnan ninyo ang ika-13 talata ha.

*. . . mula nang kayo’y magsisampalataya, ay kayo’y tinatakan ng—ng Espiritu Santo na ipinangako.*

<sup>119</sup> Magbukas kayo sa Mga Taga Efeso 4:30, sa palagay ko’y ’yun nga iyon. Tingnan ninyo kung hindi natin makukuha ang 4:30, tingnan kung hindi ito kapareho. Mga Taga Efeso, sa ika-4 na kabanata at sa ika-30 talata. Oo, heto nga ito, 4:30.

*At huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Dios, na sa kaniya kayo’y tinatakan hanggang sa kaarawan ng pagkatubos.*

<sup>120</sup> Gaano katagal? Kapag totoong, totoong tinanggap mo na ang Banal na Espiritu, hanggang kailan Iyon tatagal sa inyo? Hanggang sa susunod na rebaybal ba, hanggang sa magkrus kayo ng landas ni lola, hanggang sa mabulyawan kayo ng amo n’yo? Hanggang sa araw ng inyong pagkatubos! Hallelujah!

<sup>121</sup> Pagkatapos ninyong mamatay na, pagkatapos ninyong lumipat sa Lupaing iyon, na nakatayo na kayo roon kasama ng inyong mga mahal sa buhay, puspos pa rin kayo ng Banal na Espiritu. Kasulatan! Ganyan pa rin kayo kung paano kayo ngayon, lamang ay mayroon kayong isang . . . lumipat na kayo sa isang panibagong katawan. Nagpalit lang kayo ng bahay. Naluma na ang isang ito, hindi n’yo na maipako pa rito ang bubong, nabulok na ’yung mga pamakuan ng bubong. Siyanga. Kaya sadyang iniwan mo na ang lumang bagay na iyon at hinayaan nang mabulok nang tuluyan, at lumipat na sa isang panibago. Tama ba? “Sapagkat kung ang tabernakulong ito na ukol sa lupa ay masira, may isa pa tayong naghihintay.”

<sup>122</sup> Naaalala n’yo pa ba noong nakaraang araw, tinalakay na natin iyon? Kapag nabubuo ang isang sanggol sa sinapupunan ng ina, at sumisipa ang maliliit na kalamnan na ito at bumabali-balikwas at nagpapatuloy nang ganoon. Ngunit pagkaluwal na pagkaluwal ng ina sa sanggol at papalitaw na sa mundo ang naturang sanggol, ang unang-una, may isang espirituwal na

katawan na sasalo sa maliit na natural na katawan na iyon. Maaaring bibigyan ito ng doktor ng isang . . . [Pinagtampal ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay—Pat.] gaya *niyan*, o kung ano para yugyugin ito, at “wha, wha, wha.” At kaagad-agad pag nasa dibdib na ng ina ay mag-u “um, um, um” na ito, iginagalaw ang maliit nitong ulo nang pataas at pababa sa suso ng ina, upang palabasin sa mga ugat na daluyan ng gatas na iyon ang gatas.

<sup>123</sup> Ang isang guya, pagkaluwal na pagkaluwal sa kanya ng ina, babangon iyon sa maliliit nitong tuhod pagkaraan ng ilang minuto. Ano ang gagawin nito? Lalakad iyon mismo diretso pabalik, kakapit sa kanyang ina, at mag-uumpisang iyugyog ang munting ulo nito nang pataas-at-pababa nang paganoon, at sususo ng kanyang gatas. Hallelujah! Siyanga, po.

<sup>124</sup> Pag nagkaroon na siya ng natural na katawan na ito, may espirituwal na katawan na naghihintay para dito.

<sup>125</sup> At kapag ang natural na katawan na ito ay bumagsak na sa lupa, hallelujah, may isa pang naghihintay sa dako roon! Lumilipat lang tayo mula sa isa patungo sa isa pa, nagpapalit tayo ng dakong panahanan. Itong katawang may kamatayan ay kinakailangang magbihis ng walang kamatayan, nitong espirituwal; ang may pagkabulok na ito ay magbihis ng walang kabulukan. Itong matandang kulu-kulubot, na nangabaluktot na, hukot nang katawan, ngunit hindi man lang magbabago ang itsura nito, ibig kong sabihin pagpunta nito roon, taglay mo ang siya pa ring espiritu.

<sup>126</sup> Hayaang bigyan ko kayo ng isang munting bagay na tila бага palaisipan sa inyo, pero ito’y sa Biblia, saka ko kayo bibigyan ng isa pa upang ipaliwanag ito sa inyo. Pagmasdan ninyo ang isang ito. Noong ang matandang Saul, ang—ang hari, ang—ang batikan, tanyag na batikang mangangaral ng denominasyon doon noong panahong iyon, alam n’yo na, na pinakamatangkad sa kanilang lahat, at natatakot, wala silang alam na anuman tungkol sa Supernatural. Kinailangan ni David na pumunta at iligtas ang tupa mula sa bunganga ng leon, pinatay si Goliath. Pagmasdan ninyo siya. Napalayo na siya nang husto sa Diyos, kinamuhian na niya ang mangangaral na holy-roller na ito. At sa halip na kumampi rito, upang sikaping tulungan ito, naging laban pa siya rito. Kung hindi ba naman ’yan ang larawan mismo, mismo ang larawan. Tumalikod mismo rito!

<sup>127</sup> Ilan ba ang naririto noong umalis ako sa unang biyahe ko, at ipinangaral ang, “Pinatay ni David si Goliath,” noong umalis ako? Marami, ilan, ilan sa mga datihan na. Naghahanda na naman akong umalis tungkol sa bagay na ito. Naaalala n’yo pa ba kung ano, nakita n’yo ba kung ano ang nangyari noong nakaraang Linggo? Papunta na ito sa isang panibagong yugto. Ang ikalawang kampanya ni David, ikalawang yugto ng

kanyang ministeryo. Ganoon na nga mismo. Na, pagkatapos ay naging hari na siya sa Israel. Pansinin ninyo ang ministeryo ngayon na papunta na sa isang mas mataas na yugto, nagiging mas dakila na. Gayundin si David. Napansin ko ito habang papunta siya, si David, oh, noong pinapunta ng Diyos si David doon at pinatay ang leon, pansinin n'yo, at pinatay ang oso, pagkatapos ay pinatay ang Filisteo. Ngayon, dumating ang panahon na nagparating ang Diyos ng isang masamang espiritu dito sa naunang lalaki. At ng... Para ano? Para kamuhian si David. At naniniwala akong...

<sup>128</sup> Ngayon, ang mga teyp na ito. Ngayon makinig kayo, mga kapatid, kayong nasa mga teyp na ito, kung hindi kayo sang-ayon sa akin, patawarin n'yo ako. Kita n'yo, mahal ko kayo. Magkikita tayo sa dako roon gayunman, kita n'yo, dahil kung tao kayo ng Diyos makakatagpo ko pa rin kayo. Ngunit, gusto kong sabihin ito, heto ang dahilan. Dahil lang sa nakita ni Saul na may taglay si David na bagay na wala siya. Nang magkagayo'y ano ang nangyari?

<sup>129</sup> Isang munting hamak na “mapula ang pisngi,” hukot, sinabi ng Biblia na siya'y “mapula ang pisngi.” Hindi iyon kagandahan na bata, ang “mapula ang pisngi” ay isa lang munting hamak na medyo hukot na tipo ng lalaki. At pumunta siya roon, at si Saul, aba, isinuot niya ang baluti ni Saul, at nakikini-kinita ko pa na 'yung kalasag ay umabot hanggang sa may paanan niya. At sabi niya, “Hubarin n'yo ang bagay na ito sa akin. Ako—ako'y...” Marahil binigyan siya nito ng digri ng pagkadoktor, isang Ph.D. o L.L.D., o kung ano man, alam n'yo na. Kung papaanong sinabi niya, “Wala akong alam tungkol diyan sa ganyang bagay, dahil hindi ko pa 'yan nasubukan. Hayaan n'yong gamitin ko ito, kung ano ang alam kong gamitin.” Siyanga, po. Kinuha niya ang tirador.

<sup>130</sup> At napagalit nila si David dahil ang mga anak na babae, ang mga iglesya, inaawit ng mga iglesya, “Si Saul, ay pumatay man ng libu-libo, ngunit si David naman ay pumatay ng laksa-laksa.”

<sup>131</sup> Pagkatapos ay nanibugho si Saul, “Iyon 'yung dati nang kung anong bagay na Pangalan ni Jesus, walang anuman Roon.” Siyanga. At ano ang ginawa ng Diyos sa kanya? Nagparating ang Diyos ng isang masamang espiritu sa kanya, upang kamuhian si David, at kinamuhian niya si David nang walang dahilan.

<sup>132</sup> Nagawa na sanang pilipitin ni David ang leeg niya nang ilang beses. Nagawa na niya sana, ngunit pinabayaan na lang niya iyon. Hindi na lang siya nagsalita. Talagang nagawa na sana niya iyon. Nagpunta siya roon at pinutol ang laylayan ng balabal nito, isang gabi, tapos bumalik, ang sabi, “Tumingin ka rito, tingnan mo!” Siyanga, po, nagawa na sana niya iyon, ngunit hinayaan lang niya ito. Nagawa na sana niyang sirain ang kanyang kongregasyon at pagwatak-watakin sila, at nag-



umpisa ng sarili niyang organisasyon kung ginusto niya. Ngunit hindi niya iyon ginawa, hinayaan lang niyang magpatuloy si Saul. Hayaang ang Diyos ang lumaban. Siyanga, po.

<sup>133</sup> Kaya habang nagpatuloy siya sa paghayo at natapos ang kampanya, at nagpatuloy, tumindi ang masamang espiritu na iyon hanggang sa wala nang makuhang tugon si Saul mula sa Diyos. Pagkaraan ng ilang panahon siya . . . ang Espiritu ng Panginoon ay lumisan na sa kanya. At ang matandang Samuel, 'yung tinanggihan nila, 'yung totoong Tinig ng Diyos sa kanila, 'yung sinabihan na sila bago pa man nila ginustong kumilos na gaya ng sanlibutan.

<sup>134</sup> Paanong gusto ng iglesia na kumilos na kagaya ng sanlibutan? Bakit gusto ng Pentecostal, na bautismado na, nakaranas na ng Banal na Espiritu na Methodist, at Baptist, at Presbyterian na kumilos na gaya ng sanlibutan? Bakit nila ginagawa iyon? Hindi ko alam. Ako—talagang hindi ko iyon maunawaan. Sinasabi n'yo, "Buweno, napakasayang maglaro ng baraha, ng kaunti lang para sa kasiyahan, kaunting mamera lang naman na pusta," kung ano man ang tawag ninyo rito. Kasalanan 'yan. Hindi kayo dapat magkaroon ng mga ganoong bagay sa bahay ninyo. "Aba, hindi naman nakakasama na uminom ng kaunting, maliit na baso ng beer. Kaunti lang ang iniinom namin. Ako at ang asawa ko ay umiinom ng kaunti sa hapon." At malalaman n'yo na lang, umiinom na rin pala ng kaunti ang mga anak ninyo. Tiyak na ganoon nga.

<sup>135</sup> At kayong mga babae, hum, gumawa lamang ang diablo ng isang . . . Iyon ang ginawa niya noong pasimula, at talagang pinuntirya niya kayong mga kapatid na babae. Ginagawa talaga niya iyon para lang . . . dahil alam niya kung ano ang magagawa niya. Mas madali niyang madaya ang babae nang makalibong beses kaysa isang lalaki. Alam kong masakit iyon sa damdamin ninyo, pero 'yun ang Katotohanan. Ganoon na nga mismo. Iyon ang ginawa niya sa halamanan ng Eden. Kaya niyang gawin na . . . Ngayon, matapat ang babae, tapat siya, ngunit siya'y nadaya. "Si Adan ay hindi nadaya," sabi ng Biblia. Hindi siya nadaya, kundi ang babae ang nadaya. Kaya kaya siya nitong dayain. At ganoon pa man pupunta ang mga pastor doon at magtatalaga ng mga babaeng mangangaral, ilalagay sila roon para mamahala ng mga kongregasyon gaya niyon, at kinokondena iyon ng Bibliang ito mula Genesis hanggang sa Apocalipsis. Sinasabi n'yo, "Buweno, ayos lang 'yon. Ayos lang 'yon. Mayroon silang . . . Maaari pa rin silang mangaral na gaya niyon." Alam kong ganoon nga iyon.

<sup>136</sup> Gaya ng may nag-umpisang magsalita ng mga wika minsan, nagpatuloy lang ako sa pangangaral. At paglabas ko, isang babae ang nagsabi sa anak ko, sabi, "May mensahe akong ibibigay bukas ng gabi," sabi, "pagpunta ng Tatay mo sa entablado."

Sabi, “Buweno, Gng., ano pong ibig ninyong sabihin?”

<sup>137</sup> At noong gabing iyon nang nakahanda na, noong naghahanda na akong magtawag sa altar, inayos niyang lahat ang buhok niya at hinila ang stockings niya at lahat na, naghanda na, lumundag sa gitna ng sahig at nag-umpisa nang magtatalon, nagsalita ng mga wika at nagpropesiya. Ipinagpatuloy ko lang ang pangangaral, nagtawag ako sa altar. Ni hindi ko man lang iginalang iyon nang kaunti, hindi iyon tama. Kaya pagkatapos, buweno, sinabi ng Biblia na hindi dapat, sabi, “Ang—ang Espiritu ng mga propeta ay nasasakupan ng propeta.” Ang Diyos ay nasa . . . kung nangungusap ang Diyos sa entablado, hayaan Siyang mangusap. Ang sabi ni Pablo, “Kung may ipinahayag na anuman sa isa, ay tumahimik siya hanggang sa matapos ang isa pa.” Siyang.

<sup>138</sup> Ngayon, pagkatapos noong makalabas na ako, ang mga taong ito ay nagsabi, isang malaking grupo ng mga tao, sabi, “Pinighati mo ang Banal na Espiritu ngayong gabi.”

Sabi ko, “Sa anong kagagawan? Ano ang nagawa ko?”

<sup>139</sup> Sabi, “Buweno, noong ibinigay ng kapatid na babaeng iyon ang mensaheng iyon, hallelujah, nang sabihin iyon.”

“Aba,” sabi ko, “nangangaral ako. Wala siya sa kaayusan.”

<sup>140</sup> “Oh,” sabi, “sariwa iyon mula mismo sa Trono. Mas sariwa pa iyon sa ipinangangaral mo.” Uh!

<sup>141</sup> Ngayon, ipinakikita lang nun ang . . . ipinakikita nun ang alinman dito, at sinasabi ko ito na may paggalang sa inyo, alinman sa kabaliwan ito, o pagwawalang-galang, o kamangmangan na turo na walang alam tungkol sa Diyos kung paanong ganoon din na walang alam ang kuneho tungkol sa sapatos na pang-niyebe. Ngayon, iyon, hindi ko sinasabi iyon para maging isang—isang pampatawang pananalita, dahil hindi ito lugar para sa pagbibiro. Subalit ‘yon—iyon nga mismo ang katotohanan. Isang tao na nakakaalam na dapat na hindi pasimuno ng kaguluhan ang Diyos. Siya’y sa kapayapaan. Hindi nila alam ang Biblia. Ang alam lang nilang gawin ay maglulundag, magsalita ng mga wika, magsabi ng, “Nasa akin ang Banal na Espiritu. Hallelujah!”

<sup>142</sup> Nakaparoon na ako at nakakita na, sa Africa, ng mga mangkukulam at mga ganung bagay na nagsasalita ng mga wika, na lima-limang libo sila minsan; naglululundag, na may dugo sa kanilang mga mukha, nagsasalita ng mga wika, at umiinom ng dugo mula sa isang bungo ng tao; tumatawag sa diablo, at nagsasalita ng mga wika.

<sup>143</sup> At gayunma’y isang kaloob ng Diyos ang pagsasalita ng mga wika, subalit hindi iyon ang ganap na katibayan ng Banal na Espiritu. Hayaang sabihin ko na iyan sa inyo ngayon. Naniniwala ako na lahat ng mga kinasihang banal ay

nagsasalita ng mga wika. Naniniwala ako na ang isang tao kung minsan kapag kinasihan ka nang husto sa Diyos hanggang sa magsalita ka na ng mga wika. Naniniwala ako roon. Ngunit hindi ako naniniwala na 'yun ay anumang tanda na taglay mo na ang Banal na Espiritu. Siyanga, po. Naniniwala ako na may mga pagkakataon kung kailan may pananampalataya ka, 'yung tao, pupuntahan mo at papatungan ng kamay ang isang batang paslit na may kanser, gayong limampung mangangaral na ang nanalangin para dito, at gagaling iyon dahil sa may pananampalataya ang ina na iyon para sa batang iyon. Ipinagkaloob iyon ng Diyos sa kanya, isa siyang bahagi ng Katawan ni Cristo. Siyanga, po. Naniniwala ako roon. Nakita ko nang nagawa iyon at alam kong totoo iyon. Ngunit kung ano iyon, ay para ilagay sa kaayusan ang iglesya, lumagay sa ayos para makagawa tayo.

144 Ngayo'y tapusin na natin ang nalalabi sa talatang ito bago tayo umalis.

. . . *mula nang inyong tanggapin, ay kayo'y tinatakan ng Espiritu Santo na ipinangako.*

145 “Tatak!” Ano ba ang Tatak? Ano ba ang Tatak? Ang isang tatak ay, ang unang bagay na ipinakikita nito ay isang gawa na nakumpleto na, isang gawang nakumpleto na. Ang kasunod na bagay na ipinakikita nito ay pagmamay-ari. At ang kasunod na bagay na ipinakikita nito ay seguridad, pinangangalagaan ito.

146 Sabihin, halimbawa, dati akong nagtratabaho para sa Pennsylvania Railroad, kasama akong nagtratabaho dati ng tatay ko sa riles ng tren. Nagkakarga kami sa mga bagon. At ibinababa namin dito sa kumpanya na taga-empake, naglalagay kami ng mga lata, at naglalagay kami ng ilan *dito* sa itaas at ilan *dito* sa ibaba, at ilan sa banda *rito*. Pero bago maselyuhan ang bagon na iyon, papasok doon ang inspektor, at itinutulak niya iyon, itutulak ang isang *ito*, yuyugyugin ang isang *iyon*. “Ah! Baklasin n'yo ito! Magkakapira-piraso silang lahat bago pa man makarating doon ang mga iyan. Baklasin n'yo ito! Ilabas n'yo ang mga iyan. Ulitin n'yo.” Pinabaklas ng inspektor ang nasa bagon.

147 Ang Banal na Espiritu ang Inspektor. Niyuyugyog ka Niya nang kaunti, at kumakalangit ka. Sinasampalatayanan mo ba lahat ang Salita ng Diyos? “Hindi ako naniniwala diyan sa lumang bagay na Pangalan ni Jesus na iyon.” Bagsak ito. Kumakalangit ka, kita n'yo. “Hindi ako naniniwala sa Makalangit na pagpapagaling o walang ganoong bagay.” Kumakalangit pa rin. Ilabas ninyo ang mga iyan. Naniniwala ka ba na si Jesus Cristo ay siya pa ring kahapon. . . “Buweno, sa ibang paraan.” Kumakalangit ka. Ilabas n'yo ito, kita n'yo, hindi pa ito handa. Siyanga, po.

148 Kapatid, kapag handa na nitong sabihin, “Amen!” Natanggap mo na ba ang Banal na Espiritu? “Amen!” Nakumpleto na ba lahat? “Amen.” Kung gayon ano na ang gagawin ng Inspektor? Lahat ay naempake nang maigi at masinsin, puno ng Ebanghelyo. Oh, bawat Salita ng Diyos ay mainam. Ang lahat ay sakdal. “Sinampalatayanan ko bawat Salita. Amen! Amen! Amen!” Naniniwala ka ba na nagpapagaling pa rin ang Diyos? “Amen.” Nananampalataya ka ba na si Jesus ay siya pa ring kahapon at magpakailanman? “Amen.” Naniniwala ka ba na ang Banal na Espiritu ay kasing totoo pa rin kung paano Ito noon? “Amen.” Naniniwala ka ba na ang siya ring Espiritu na bumaba noon kay Pablo ay bumababa rin sa atin? “Amen.” Naniniwala ka bang ginagawa Nito sa atin ang gayon ding mga bagay na ginawa nito noon sa kanila? “Amen.” Oh, oh, sumisinsin na siya ngayon. Kita n’yo, sumisinsin na ngayon, handa na nating isara ang pintuan. Buweno.

149 Saka na isasara ng inspektor ang pintuan. Ano na ang gagawin niya? Tatatakan na niya ito. Saka siya bababa rito at kukunin itong maliliit na parang plais, aabot doon sa maliit na bagay na ito at seselyuhan iyon. Hindi mo dapat sirain iyon. Kung ang mga iyon, ang bagon na iyon, ang hantungan nito ay Boston, hindi iyon maaaring sirain. Pagkabilanggo ang parusa sa pagsira sa selyo na iyon hanggang makarating na iyon sa Boston. At ang isang taong may awtoridad ang makapagbubukas ng selyong iyon, at tanging siya lang. Siyanga. Pag-aari iyon ng *ganito’t-ganoong* kumpanya ng tren. Selyo nila iyon. Iyon ang kasiguruhan nila na ang bagon na ito ay naempake na, na handa na ang bagon na ito. Kanila iyon. Hindi nila puwedeng ilagay ang “B&O” sa “Pennsylvania.” Kailangan mong maselyuhan, at kapag naselyuhan na ito.

150 At kapag ang Cristiano ay naempakeng kasama ng Ebanghelyo, puno ng kabutihan ng Diyos, na lahat ng mabubuting bagay ng Diyos ay nasa sa kanya na, na may bukas na puso, nakahanda nang gumawa, nakahandang maiposisyon sa lugar, gawin ang anumang bagay na sasabihin sa kanya ng Espiritu Santo na gawin niya, lumipat na sa Buhay mula sa kamatayan, nilinis na sa lahat ng mga bagay ng sanlibutan, lumalakad sa Liwanag habang dumarating sa kanya ang Liwanag, nagpapatuloy, nakahanda na siya. Kung magkagayo’y isasara na ng Diyos ang pintuan ng sanlibutan sa likuran niya, at parehong isasara nang malakas iyon nang paganoon, at seselyuhan na siya ng Banal na Espiritu na ipinangako. Hallelujah! Gaano katagal? Hanggang sa destinasyon. Huwag ninyo siyang ilalabas dito sa riles ng tren at puwersahin itong buksan at tingnan kung maayos pa rin ang lahat na muli. Maayos na iyon, hayaan mo lang. Tapos nang masuri iyon ng Inspektor. Hanggang gaano ka katagal na may tatak? Hanggang sa araw ng iyong katubusan. Ganoon katagal ang pagkakataak sa iyo.

151 “Buweno, pagkamatay mo, kung ganoon, Kapatid na Branham, paano naman pagkatapos mong mamatay, ang sabi mo’y taglay mo pa rin Iyon?” Taglay mo na Iyon magpakailanman. Saan ba nag-uumpisa ang Buhay? Sa altar. Doon mismo’y makakakita ka ng maliit na anino. Iyon ang anino, ang Tatak ng Espiritu Santo. Pagkatapos iyon na ay anino ng mga anino ng mga anino, gaya nga ng sinabi ko noong nakaraang araw. Ngunit pagkamatay mo, patuloy kang dadaan sa mga aninong iyon hanggang sa marating mo ang halumigmig, mula sa halumigmig papunta sa isang pumapatak na sibol, mula sa isang sibol papunta sa isang sapa, mula sa isang sapa papunta sa isang ilog, mula sa isang ilog papunta sa isang karagatan, kita n’yo, ng pag-ibig ng Diyos. Kayo pa rin ang dating katauhang iyon.

152 Tingnan n’yo rito. Ang matandang Saul, ang backslider na ’yon, hindi na niya maabot ang Diyos, gayunma’y hindi siya napahamak. Talagang hindi. Isa siyang propeta, ngunit lumabas lang siya sa Diyos. Iyon ang dahilan, mga kapatid, na sabi ko, “Hindi kayo napahamak.” Kaya kung gayon tandaan n’yo, lumabas lang siya sa kalooban ng Diyos, kaya pagkatapos noon bigla na lang, siya—hindi na siya sang-ayon. Ngayon, marahil ay hindi ko dapat sinabi ’yon. Sige, pananatilihin ko na lang ang masayang kongregasyon ngayong gabi. Kaya nga pagkatapos, alam n’yo, at bigla na lang, oh, naku, pagkatapos ang. . . Sumangguni siya sa—sa Urim Tummim.

153 Alam na ninyo kung ano ang Urim at Tummim, iyon ang pektoral, ang efod na—na suot noon ni Aaron. At noon pa man, ang Diyos noon pa man ay supernatural nang Diyos na sumasagot sa mga kaparaanang supernatural. At kapag nagpropesiya ang isang propeta, at hindi umilaw sa Urim Tummim ang mga mahiwagang liwanag, ay mali siya. Kapag nagsaysay ng isang panaginip ang isang mapanaginipin at hindi iyon kumislap sa Urim Tummim, wala akong pakialam gaano man kainam itong pakinggan, mali iyon. Siyanga.

154 At wala akong pakialam kung ilan eksakto ang natamo mong digri ng pagkadoktor at gaano man kalaki ang iyong organisasyon, kapag nagpropesiya ka o nangaral, kung hindi naman sang-ayon sa Salitang ito, mali ka, kapatid. Ika’y. . . Ito ang Urim Tummim ng Diyos. Kapag sinabi mong hindi ka itinalaga bago pa man maitatag ang sanlibutan, hindi ito kikislap, dahil sinabi na ng Biblia na itinalaga ka na. Kapag sinabi mong dapat kang mabautismuhan sa pangalan ng “Ama, Anak, Espiritu Santo,” hindi iyon kikislap, dahil walang sinuman sa Biblia ang nabautismuhan sa ganoong paraan. Tanging sa Pangalan lamang ng Panginoong Jesus. Hindi iyon kikislap, kaya may bagay na mali sa kung saan.

155 Kaya hindi sinasagot ng Urim Tummim ang matandang Saul, at ni hindi rin siya makapanaginip. Napakalayo na niya hanggang sa ni hindi na siya makapanaginip pa. Kaya alam n’yo

ba ang ginawa niya? Nagpunta siya roon sa mangkukulam, at ang matandang mangkukulam na ito, ang matandang diablóng manggagamot doon, mangkukulam. At sabi niya, “Maaari ka bang manghula?”

156 Sabi niya, “Oo, pero ang sabi ni Saul ay papatayin daw niya ang lahat ng nanghuhula.”

157 Sabi niya, “Proprotektahan kita,” nakadamit na parang isang utusan. Sabi niya, “Manghula ka para sa akin at paahunin mo sa akin mula sa mundo ng mga patay na yumao na mula rito.” Ngayon pakinggan ninyo ito. “Tahon mo sa akin ang espiritu ni Samuel na propeta.”

158 At nagsimula na siya na—na manghula. At, noong gawin na nga niya, nagpatirapa siya, sabi niya, “Nakakakita ako ng mga diyos na umaahon.” Kita n’yo, isa siyang pagano, “mga diyos,” dalawa o tatlo sila, gaya ng Ama, Anak, Espiritu Santo, o parang ganoon, alam n’yo na. Sabi niya, sabi niya, “Nakakakita ako ng mga diyos na umaahon.”

159 Sabi, “Ilarawan mo siya. Ano ang anyo niya? Ano ba ang itsura niya?”

160 Sabi, “Siya ay payat at may balabal sa kanyang mga balikat.” Hindi nga siya nagbago, ni katiting man.

161 Sabi niya, “Si Samuel ’yan. Dalhin mo siya sa silid na ito, dalhin mo siya sa harapan ko.”

162 At masdan n’yo noong pumunta si Samuel sa harapan ni Saul, sabi niya, “Bakit mo ako tinawag, gayong naging kaaway ka na ng Diyos?” At masdan n’yo. Hindi lang na siya pa rin si Samuel, nananatili pa rin sa kanya ang espiritu ng propesiya. Sabihin na mali iyon, hayaang sabihin ninuman na mali iyon. Iyon ang Katotohanan! Propeta pa rin siya. Sapagkat sabi niya, nagpropesiya siya at nagsabi, “Matatalo ka sa labanan bukas, at ikaw at ang iyong mga anak ay mamamatay sa labanan bukas, at sa ganitong oras bukas ng gabi ay masasama ka na sa akin.” Tama ba? Propeta pa rin siya!

Ngayon sasabihin ninyo, “Oh, pero mangkukulam iyon na gumawa nun.”

163 Sige, sasabihin ko sa inyo ang Isa na hindi isang mangkukulam. Isinama ni Jesus sina Pedro, Santiago, at Juan, at umakyat sa Bundok ng Pagbabagong-Anyo minsan, at nakatayo roon sa ituktok ng bundok. At, si Jesus, ipinuposisyon na ng Diyos ang Kanyang Anak; gaya ng sinisikap ko itong... tinalakay noong isang gabi, ang pagpupuwesto sa anak. At noong naakyat na nila, lumingon sila sa paligid at nakita na naroon sina Moises at Elias. Nag-uusap-usap ang mga ito, nakikipag-usap. Hindi maliliit na bandila na lumulutang-lutang, o maliliit na puting ulap, pala, na lumulutang-lutang. Kundi mga tao sila, na nag-uusap. Nakalibing na si Moises sa di-

matukoy na libingan sa loob ng walong daang taon. At umuwi na sa Tahanan si Elias sakay ng isang karwahe, limandaang taon. At heto sila pareho, buhay na buhay pa rin kung paanong nabuhay sila noon, nakatayo roon na nakikipag-usap sa Kanya bago Siya magtungo sa Kalbaryo. Hallelujah! “Mga tinatakan hanggang sa araw ng ating katubusan!”

164 Bibilisan ko na, at pagkatapos ay magtatapos na tayo dahil gumagabi na, at mananalangin na tayo para sa mga maysakit, mga limang minuto pa. Ika-14 na talata, basahin, hayaang basahin ko ang ika-13 muli, kunin ito, ang pambatayang-kaalaman.

*Na sa kaniya’y kayo . . . ay nagtiwala, pagkarinig ng aral ng katotohanan, ng evangelio ng inyong kaligtasan: . . .*

165 Ngayon naaalala n’yo ba, ang kaligtasan na mayroon sila? Ang mga ito—ang mga ito ay ang mga Cristianong taga-Efeso. Sila, ngayon tingnan n’yo, napansin n’yo ba ang mga taga-Corinto? Kinailangan niya laging sabihan sila, “Pagka ako’y dumarating sa inyo, ang isa ay may pagsasalita ng mga wika, ang isa ay may pagsasalita ng mga wika, ang isa ay may awit, ang isa ay may propesiya, ang isa ay . . .” Kita n’yo, wala siyang maituro sa kanila, dahil lagi silang naghahangad ng *ganito*, *ganoon*, o ng *iba pa*. May ganoon ding bagay ang mga taong ito, ngunit inilalagay nila iyon sa ayos. Hindi niya tinuruan ang mga taga-Corinto ng ganito, hindi niya magawa, wala kasi sa kaayusan ang iglesyang iyon para maituro ito. Ngayon, maituturo naman niya sa mga taong ito ang totoong bagay.

*. . . na, inyong kaligtasan: na sa kaniya rin naman . . . mula nang kayo’y magsisampalataya, ay kayo’y tinatakan ng Espiritu Santo na ipinangako,*

*Na siyang katibayan . . . (oh, huwag ko nawang malampanan iyon) . . . siyang katibayan ng ating mana hanggang . . . ikatutubos ng sariling pag-aari ng Dios, sa ikapupuri ng kaniyang kaluwalhatian.*

Whew!

166 Ano ba ang Banal na Espiritu? Ngayon, kung gayon ay babasahin ko ang nalalabi nito nang talagang mabilisan kung makikipagtiis kayo sa akin nang ganito pa katagal. Nasaan na nga ba tayo noong isang gabi, Kapatid na Mike? Kung saan masaya silang lahat, oh, mapayapa ang lahat, iyon ay sakdal na pag-ibig. Ngayon, sa tuwing gagawi ka *rito* ay bumabagsak ka nang kaunti, bumabagsak. Sa tuwing hahakbang ka, napapalapit ka ng ilang pulgada. Paghantong nito sa lupa, mayroon kang isang anino ng anino ng anino ng mga anino. Ngayon, ganoon kalaking Espiritu Santo ang taglay mo. Iyon ay pag-ibig. Ngunit, oh, may bagay na kinauuhawan mo.

167 Oh, hindi ba ang mga tao gaya ng matatanda, matatanda nang tao. . . Gaano ko kagustong bumalik at maging kinse muli, beinte! Oh, ibibigay ko lahat. Anong buti ang magagawa nun sa akin? Maaaring maging kinse anyos nga ako at gayunma'y mamatay din ngayong gabi. Wala itong katiyakan. Paano kung kinse anyos ka nga ngayong gabi, gaano ka kasigurado na si nanay ay buhay pa, pag-uwi mo, o hindi na? Gaano ka kasigurado na makakauwi ka pa? Gaano ka kasigurado na mabubuhay ka pa bukas kung dose anyos ka nga, na malusog na malusog? Maaaring mamatay ka sa isang aksidente, mamatay bigla, maaaring mangyari sa iyo ang anuman. Walang katiyakan, kita n'yo. Walang anumang bagay na tiyak dito. Ngunit inaasam n'yo iyon. Ano ba iyon? Iyon Yaong nasa itaas Roon na nagbibigay sa inyo ng pananabik para roon.

168 Ngayon, papasok kayo Rito, saka na kayo magkakaroon ng Buhay na Walang Hanggan. Ngayon ano ang nangyayari dito? Iyon ang "katibayan."

169 Ano ba ang paunang bayad sa anumang bagay? Kung pupunta ako sa inyo para bumili ng kotse, sasabihin ko, "Magkano ba ang kotseng iyan?"

170 Sasabihin n'yo, "Sa kotseng ito, Kapatid na Branham, ay magkakagastos ka ng tatlong libong dolyar."

"Magkano ang paunang bayad?"

"Buweno, ibibigay ko na sa iyo sa halagang limandaang dolyar muna."

171 "Sige, heto ang limandaang dolyar. Aking—ibibigay ko sa iyo ang kulang pa rito sa ibang araw, sa lalong madaling panahong makakaya ko. Pakireserba mo lang 'yang kotse." Bibigyan kita ng limandaang dolyar, iyon ang paunang bayad. Tama ba?

172 Ngayon, hawakan mo na iyan, 'yan ang "katibayan," 'yan ang "paunang bayad."

. . . pagkatapos na kayo'y *tinatakan* ng. . . *Espiritu na ipinangako*, ng. . . *Espiritu na ipinangako*, . . . pagkatapos na kayo'y *tinatakan* . . .

*Na siyang . . .*

Ano, ano ang Tatak na ipinangako, ang Espiritu Santo na ipinangako?

*Na siyang katibayan ng ating mana hanggang sa . . . ikatutubos ng sariling pag-aari ng Dios, . . .*

173 Ano iyon? Iyon ang paunang bayad. At, kapatid, oh, oh, oh, oh, oh, mga mangangaral! Kung ito ang paunang bayad, ano pa kaya ang mangyayari pagdating nating lahat doon! Ano ang mangyayari? Kung ito ang. . . Kung ganito nga ang tinatamasa natin ngayon, at nagagalak na tayo nang husto hanggang sa . . .



nakakita na ako ng mga lalaking nobenta anyos na basta na lang . . .

174 Nakita ko ang isang matandang mangangaral na tumayo isang gabi. Lumabas siya, sabi niya. . .Gaya *nito*, paglabas ng entablado. At sabi ko, “Ang matandang lalaking iyon ay mangangaral?”

175 Sabi niya, “Buweno, purihin ang Panginoon.” Isang matandang itim na lalaki, nakasuot ng napakalaking lumang mahabang amerikanang pang-mangangaral.

176 Sabi ko, “Bakit hindi nila hinayaang mangaral 'yung ilan sa kanila na mga batang mangangaral? Ang matandang lalaking iyon, paano pa kaya siya makapangangaral?”

177 Sabi niya, “Buweno,” sabi niya, “mga kapatid,” sabi niya, “ngayong araw na ito ay naririnig ko ang mga kapatid na lalaking nangaral nang buong maghapon,” sabi niya, “tungkol sa ginawa ni Jesus sa lupa. Sasabihin ko naman kung ano ang ginawa Niya sa Langit.” Sabi niya, “Hahanguin ko ang aking teksto ngayong gabi mula sa Job 7:27” sabi, “noong bago pa man maitatag ang sanlibutan,” sabi, “noong sinabi Niyang sama-samang umawit ang mga tala sa umaga at ang mga anak ng Diyos ay nagsigawan sa tuwa.” Nagpasimula nang ganoon. Sabi, “Alam n’yo ito, may naganap noon doon.” Sabi niya, “Alam n’yo. . .” At nag-umpisa siyang talakayin kung ano ang nangyari noon sa Langit. Dinala niya iyon pababa sa pahalang na bahaghari sa ikalawang Pagparito. Noong mga oras na iyon, napasos siya ng Banal na Espiritu. Ngayon, kinailangan pa nga nilang alalayan ang naturang matandang lalaki palabas, nasa mga nobenta y singko anyos na siya. Para ba siyang *ganito*, kuba na, at may kaunting kalupkop ng buhok, alam n’yo na, gaya *nito*. Lumabas roon at nagsimula siyang mangaral, sabi, “Whoopee! Hallelujah! Luwalhati!” Nagsimula nang maglulundag nang ganoon. Sabi, “Oh, wala kayong sapat na espasyo rito para makapangaral ako.” At bumaba na, doon sa sahig nang ganoon, kasimbilis ng magagawa niya. At pauna pa lang iyon. Oh!

178 Ano ba ang ginagawa ng Espiritu Santo? Oh, heto ang isang magandang dako, hayaang basahin ko ang unang talata ng kasunod na kabanata. Puwede ba? Ayos lang ba iyon? Sabihin n’yo, “Amen.” [Sinasabi ng kongregasyon, “Amen!”—Pat.] Sige, ang unang talata ng ika-2 kabanata, mabilisan na. Makinig. “Kayo na. . .kayong. . .”

*At kayo’y binuhay niya, nang kayo’y isang. . .mga patay dahil sa inyong mga pagsalangsang at mga kasalanan:*

179 “Kayo ay Kanyang binuhay.” Ano ba ang ibig sabihin ng *binuhay*? “Ginawang buhay.” Pawala na, ngunit binuhay Niya kayo sa pamamagitan lang ng paunang bayad. Ano pa kaya kung inyo nang—talagang makuha na ninyo ang lahat ng kabayaran

didibendo? Oh! Hindi nakapagtatakan si Pablo, na inagaw sa ikatlong langit, ay nagsabi, “Hindi nakita ng mata; hindi narinig ng tainga; ni pumasok man, pumasok man sa puso ng tao, ang inihanda ng Diyos para sa kanila (inilaan) na nagmamahal sa Kanya.” Ano pa kaya iyon! Gaanong kagalakan na di-mabigkas at puspos ng kaluwalhatian! Whew! Uhm! Kayo na minsang namatay na sa kasalanan at mga pagsalangsang ay Kanyang binuhay nang sama-sama sa mga anino ng anino ng mga anino. Magiging ano pa kaya lalo iyon kapag naparoon na kayo sa anino ng mga anino papasok sa anino, sa anino pagkatapos ay sa sapa, sa sapa papunta sa ilog, sa ilog papunta sa karagatan?

<sup>180</sup> At ano pa kaya lalo kapag naroroon na kayo sa pagkakatubos, na may isang bagung-bago na katawan na, kayong lahat ay bumalik na muli sa pagiging isang kabataang lalaki, o isang kabataang babae, hindi na kayo mamamatay pa? At tutunghay kayo sa lupa, at maiisip n’yo, “Puwede akong magpakasiya sa ilang ubas at ilang mainam na malamig na tubig, ngunit, alam n’yo, hindi ko iyon kailangan dito. Ngunit darating si Jesus balang araw, at ang katawang makalangit na ito, ang theophany na ito na pinananahanan ko. . .” Hindi na magmumula pa sa pamamagitan ng sinapupunan ng babae, hindi na ito magmumula pa sa pagnanasang seksuwal; kundi dahil sa isinilang Siya na walang pagnanasang seksuwal, mabubuhay akong mag-uli na hindi na taglay iyon, at magsasalita Siya balang araw at ang mga patay kay Cristo ay magsisibangon, at ang katawan na pinanahanan ko noon ay mabubuhay na muli bilang isang niluwalhating katawan, at ako’y lalakad at ako’y magsasalita, at mamumuhay ako at magagalak ako (hallelujah), mabubuhay ako sa mga Walang Hanggang kapanahunan na darating, kay Jesus Cristo na ating Panginoon. Whew! Hayan nga, kapatid, ’yan ang Ebanghelyo!

<sup>181</sup> “Dahil dito ako rin naman,” sinasabi lang ni Pablo ngayon ang sa kanya. Babasahin ko ang natitira pa nito at pagkatapos ay mananalangin na tayo para sa mga maysakit. “Hanggang sa pag-aari, ito ang katibayan hanggang sa pag-aari, sa ikapupuri ng Kanyang kaluwalhatian.”

*Dahil dito ako rin naman, pagkarinig ng pananampalataya (narinig ko na naniwala kayo sa bagay na ito, narinig ko na talagang naniwala kayo sa predestinasyon, Buhay na Walang Hanggan, at kaligtasan, at iba pa) sa Panginoong Jesus na nasa inyo, at ng pagibig na inyong ipinakita sa lahat. . . ng mga banal,*

*Ay hindi ako tumitigil ng pagpapasalamat dahil sa inyo, na aking binabanggit kayo sa aking mga panalangin;*

*Upang ipagkaloob sa inyo ng Dios ng ating Panginoong Jesus Cristo, ng Ama ng kaluwalhatian, ang espiritu ng karunungan at ng pahayag . . . pagkakilala sa kaniya: Patuloy lamang na ipinapahayag ang Kanyang Sarili sa inyo sa tuwina, lumalago mula sa biyaya tungo sa biyaya, mula sa kapangyarihan tungo sa kapangyarihan, kaluwalhatian sa kaluwalhatian. Hindi umuurong; at, kundi mula sa biyaya tungo sa biyaya, ay nagpapatuloy. Patuloy ko kayong idadalangin.*

*Yamang ang mata—ang mga mata ng inyong puso . . .*

<sup>182</sup> Hum! Alam n'yo, sabi sa Biblia na bulag kayo noon at hindi iyon nalalaman. Ngunit dito'y sinabi ni Pablo, "Idadalangin ko na ang mga mata ng inyong pang-unawa . . ." Nakauunawa kayo sa pamamagitan ng inyong puso. Iyon ang tinutukoy niya. Tumitingin kayo sa pamamagitan ng inyong mata, ngunit nakakakita kayo sa pamamagitan ng inyong puso. Alam n'yo na iyon. Sige. "Upang ang Diyos ng Kaluwalhatian . . ." Tingnan natin, sa—sa ika-18 talata.

*Yamang naliwanagan ang mga mata ng inyong puso; upang maalaman ninyo kung ano ang pagasa ng pagtawag na iyon, at kung ano ang mga kayamanan ng . . . kaluwalhatian ng kaniyang pamana sa mga banal,*

*At kung ano ang dakilang kalakhan ng kaniyang kapangyarihan sa atin . . . (whew! Sabi nila wala na raw ang kapangyarihan? Ni hindi pa nga dumarating ang kapangyarihan) . . . na nagsisisampalataya, ayon sa gawa ng kapangyarihan ng kaniyang lakas,*

Kayo na sumampalataya sa gawa ng Kanyang makapangyarihang lakas, lubos na idinadalangin ko na sadyang ibuhos ng Diyos ang Kanyang kapangyarihan sa inyo. Kita n'yo?

*Na kaniyang ginawa kay Cristo, nang kaniyang buhayng maguli ito sa—ito sa mga patay, at pinaupo sa kaniyang kanan sa . . . sangkalangitan,*

*Sa kaibaibabawan ng . . . mga pamunuan, . . . mga kapamahalaan, . . . kapangyarihan, . . . pagkasakop, at ng bawat pangalan na ipinangungusap, . . .*

<sup>183</sup> Oh, oh, oh! Sapagkat . . . Hindi, maiging hindi na. Talagang magugugol natin ang natitira pang oras ng gabi riyen.

*. . . sa bawat pangalan na ipinangungusap, hindi lamang sa sanglibutan ng ito, kundi doon sa sanlibutan na darating:*

<sup>184</sup> Ano ang bawat—ano ba ang bawat pangalan? Bawat pangalan ng bawat tao ay dadalhin ang Pangalan na ano? [Sinاسب ng kongregasyon, "Jesus."—Pat.] Ang buong Langit ay ipinangalan kay Jesus. Ang buong Iglesia ay ipinangalan

kay Jesus. Ang lahat ng bagay ay ipinangalan kay Jesus, sapagkat Ito ang tanging Pangalan na nagkaroon ang Diyos. Tinatawag Siyang Jehovah; Jehovah-jireh, ang inilaang Hain ng Panginoon; Jehovah-rapha, ang Panginoon na nagpapagaling sa iyo; Jehovah, ang watawat ng Panginoon, Manases; at Jehovah, iba't ibang Jehovah. Tinatawag Siyang Tala sa Umaga. Tinatawag Siyang Ama, tinatawag Siyang Anak, tinatawag Siyang Banal na Espiritu. Tinatawag Siyang Alpha, tinatawag Siyang Omega. Tinatawag Siyang Pasimula, tinatawag Siyang Wakas. Tinatawag Siyang Sanga. Oh, tinatawag Siyang... Sadyang tinatawag Siya ng lahat ng uri ng mga titulo, subalit may iisa Siyang Pangalan.

<sup>185</sup> Iyon ang tinutukoy ni Mateo, noong sinabi Niya, “Magsiyaon kayo at gawin ninyong mga alagad ang lahat ng mga bansa, bautismuhan ninyo sila sa Pangalan,” hindi mga pangalan, “sa Pangalan ng Ama, Anak, at Espiritu Santo.” Hindi pangalan ang Ama, hindi pangalan ang Anak, hindi pangalan ang Espiritu Santo. Isa itong titulo ng isang Pangalan. Pangalan ito ng tatlong katangian na pag-aari ng iisang Diyos. Ano ba ang Kanyang Pangalan? Sabi ng Anghel, “Ang Pangalang itatawag mo sa Kanya’y...” [Sinasabi ng kongregasyon, “Jesus.”—Pat.] “sapagkat ililigtas Niya ang Kanyang bayan sa kanilang kasalanan.” Iyon ang dahilan kaya nagbapautismo silang lahat noon sa ganoong paraan sa Biblia. Sa ganoong paraan binautismuhan ni San Agustin ang Hari ng Inglatera, mga—mga sandaan at limampu, dalawandaang taon pagkatapos na mamatay si Cristo, sa Pangalan ni Jesus Cristo. Sige.

*Sa kaibaibabawan ng...mga pamunuan,...mga kapamahalaan,...kapangyarihan,...pagkasakop, upang—upang bawa't pangalan na ipinangungusap, hindi lamang sa sanglibutang ito, kundi naman sa darating:*

*At ang lahat ng mga bagay ay pinasuko niya sa ilalim ng kaniyang mga paa, at siyang pinagkalooban na maging pangulo ng lahat ng mga bagay sa iglesia,*

*Na siyang katawan niya,...*

<sup>186</sup> Ngayon, kung may kapangyarihan ang katawan ko sa lahat ng mga bagay, kung gayon kung ano ang katawan ko ay kung ano rin ako. Tama ba? Ganoon ako, ganoon ang pagkakakilala ninyo sa akin. Tama ba? Buweno, kung ganoon, ang kabuuan ng kung ano ang Diyos, ay ibinuhos Niya kay Jesus, sapagkat Siya ang buong kapuspusan ng pagka-Diyos sa kahayagan ayon sa laman. Tama ba? At ang kabuuan ng kung ano si Jesus, ay ibinuhos Niya sa Iglesia, “Ang mga bagay na ito na Aking ginagawa, ay gagawin din naman ninyo ang lahat ng mga bagay na ito. Higit pa kaysa rito ang inyong gagawin, sapagkat Ako ay paroroon na sa Ama.”

*Na siyang katawan niya, na kapuspusan niyaong pumupuspos ng lahat sa lahat.*

<sup>187</sup> Oh, gustung-gusto ko iyan! Gustung-gusto ko iyan! Binabasa ko noong isang araw ang isang aklat na isinulat tungkol sa biyahe sa pagpunta ko para magministeryo—magministeryo sa Africa. Hindi ko pa kasi iyon nabasa. Ilan na ba ang nakabasa sa aklat na, *Prophet Visits Africa?* Tinitingnan ko roon ang isang munting batang lalaking Indian. Ilan na ang nakakita sa larawang iyon?

<sup>188</sup> Narinig ko ang isang ebanghelista, na noon pa ma'y nananalangin na para sa mga maysakit sa loob ng mga labinlimang taon na o higit pa, sabi niya, "Hindi pa ako nakakita sa tanang buhay ko ng isang nagawang himala." Sabi niya, "Nakakita na ako ng mga tao na sabi nila masakit daw ang kanilang ulo, na gumaling. Nakakita na ako ng mga tao na sabi nila masakit daw ang kanilang tiyan, na gumaling, at iba pa. Ngunit isang himala, isang bagay na lumikha at gumawa ng isang bagay. . ."

<sup>189</sup> Naisip ko na naroon sana ang lalaking 'yon at nakita iyon. Ang binti ng batang Indian na iyon ay mga *ganito* lang kaiksi, ang isa sa mga iyon. 'Yung isa ay normal na binti na gaya ng binti ng tao. At, kung napansin ninyo, ang brace niya, naroon ang sapatos niya na mga labing-apat na pulgada o labinlimang pulgada kataas, gaya nito. Mayroon siyang manipis na bakal na apakan sa ibaba nito. Nakapatong ang sapatos niya doon na may dalawang mahabang nakapatayong tukod. Lumakad siya sa kinatatayuan ko, dinala nila siya roon sa itaas. May dalawa siyang saklay. Inihakbang niya itong malaking bakal na sapatos at mabigat na inilakad iyon nang paganoon. Tiningnan ko ang binti niya, mga *ganoon* kaiksi iyon.

<sup>190</sup> Ngayon, ang mga taong iyon ay Mohammedan, mga Mohammedan. Naaalala n'yo pa ba noong nakaraang Linggo nang binasa ko kung ano ang isinulat ng mga pahayagan? Dala ko ito rito mismo, mula sa Africa, ipinadala sa akin ng ating bumalik na misyunero, si Kapatid na Stricker. Naroon ang artikulo kung paanong umatras doon si Billy Graham. Mismo. Hinayaan nila ang mga Mohammedan na itulak sila mismo sa dagat. Ano ba'ng nangyayari? Nag-aalisan na ang mga misyunero sa larangan. Ano pa ba ang saysay ng pananatili nang matagal, natatalo lang naman sila.

<sup>191</sup> Mahal ko si Billy Graham, at sa palagay ko siya'y isang kahanga-hangang tao ng Diyos. Pero ang dapat sanang ipinangasagot ni Billy Graham, sinabing, "Sandali lang. . ." kung hinayaan lang sana siya nitong ilang mga nagpapakapormal na Baptist na gawin iyon, naniniwala akong ginawa na sana niya iyon. Naniniwala akong isang tao ng Diyos si Billy Graham. Ngunit kung sinabi sana niya, "Sandali lang! Isa akong ministro

ng Ebanghelyo. Naniniwala kayo sa Lumang Tipan, at ang sabi ninyo si Jesus ay tao lang naman. Hinahamon ko kayo sa isang debate.” Hindi ako naniniwala sa pagtanggap sa mga hamon ng diablo, hindi po, ngunit ibinalik ko sana ang hamon sa kanya, at sinabi, “Magharap tayong dalawa. Doktor ako ng Dibinidad,” si Billy Graham kasi ay Doktor ng Dibinidad. “Hayaang hamunin kita sa bagay na ito, at hayaan mong patunayan ko sa iyo na si Jesus ay ang Cristo. Ngayon, pagdating sa Makalangit na pagpapagaling, wala akong ganoong mga kaloob, ngunit may ilang mga kapatid kami na may ganoon. Ngayon, kung gusto ninyong dalhin ang mga taong iyon doon, hayaan ninyong tawagin ko lang ang isa sa kanila, si Oral Roberts o kung sino, isa na may taglay na dakilang ministryo na talagang pupunta roon.” Pupunta roon, at nakita sana kung ano ang nangyari, sasabihing, “Ang Cristianismo ay hindi kagaya ng inaakala ninyo.”

<sup>192</sup> Ngayon pagkabigo ang pakiramdam ng lahat dahil basta na lang siyang umalis at iniwan iyon. Siyempre pa, ngayon, hindi ako naniniwala sa panghahamon sa iyo ng diablo. Dinuraan ko na rin ang mukha nito gaya niyon, at iniwan ito. Siyanga. Ngunit pagdating sa lugar kung saan . . . Nagawa sana ni Billy—nagawa sanang iparamdam sa Mohammedan na iyon na parang maliit na damo lang gaya *niyon* ang lalaking iyon. Kinuha sana niya ang Biblia at ginamit ang Isaias 9:6, at sinabi, “Sino ba ang tinutukoy niya, ‘Sa atin ay ipinanganak ang isang Bata, sa atin ay ibinigay ang isang Anak na Lalaki?’ Sino ba ang Taong ito? Sino Itong tinutukoy niya? Sino ang Propetang ito? Sino ba ang Mesiyas na ito na darating? Ipakita mo nga sa akin kung saan Niya pinalitaw ang Sarili Niya kay Mohammed. ‘Siya’y nasugatan dahil sa ating mga kasalanan, nabugbog dahil sa ating mga kasamaan, ipinataw sa Kanya ang parusa para sa ating kapayapaan, sa Kanyang mga latay ay nagsigaling tayo.’ Ipakita mo sa akin na na kay Mohammed iyon. Papanong sumigaw Siya ng, ‘Diyos Ko, Diyos Ko, bakit Mo Ako pinabayaan? Binutasan nila ang Aking mga kamay at Aking mga paa,’ at iba pa? Ipakita mo sa akin sa pamamagitan ng inyong sariling kasulatan, ng inyong sariling testamento.” Aba, natalo na sana niya ang Mohammedan na iyon nang husto hanggang sa hindi na nito malaman kung saan na ito naroroon. Siyanga.

<sup>193</sup> Ngunit noong bumwelta ang pahayagan, iyon ang masakit, ang nagpalundag ng puso ko. Noong sabihin nito, “Bagaman kinailangang umurong ni Billy at umatras, paanong masasabi ng mga Mohammedan na mali iyon,” sabi, “gayong si Rev. William Branham sa Durban, South Africa, sa di-mapasusubaliang sunud-sunod na mga himala, Makalangit na kapangyarihan, noong sampung libong Mohammedan ang nangagpatirapa nang minsanan at isinuko ang kanilang buhay kay Jesus Cristo.” Tiyak na tiyak nga. Alam nila ang tungkol doon. Silang mga

pundamental ay alam ang tungkol doon. Huwag n'yong sabihin sa akin.

194 Minsan may isang lumapit kay Jesus, sabi, "Rabbi!" Alam na ninyong Fariseo siya. Ang sabi, "Alam naming Ikaw ay isang Guro na nanggaling sa Diyos. Alam namin iyon. Alam namin iyon, dahil walang taong makagagawa ng mga bagay na ginagawa Mo maliban na sumasakanya ang Diyos. Nauunawaan namin. Alam namin iyon. Pero hindi lang namin iyon masabi, kita Mo, kasi kung sasabihin namin, buweno, patatalsikin kami sa iglesya namin. Kita Mo, mawawala ang karangalan namin." At kaya sabi ni Jesus, sinimulang sabihin sa kanya na kailangan niyang maisilang na muli.

195 Tungkol doon sa batang Mohammedan, noong nakatayo na siya roon, naroon ang larawan niya. Hindi magsisinungaling ang kamera. Hayon siyang nakatayo roon, ang isang binti ay mas maiksi nang ganoon (mga labing-apat na pulgada) kaysa doon sa isa, nakatayo roon sa bakal na sapatos na iyon. Sinabi sa kanya, sabi ko, "Nagsasalita ka ba ng Ingles?"

196 "Hindi po, ginoo." Hindi nakakapagsalita ng Ingles. Sabi ng interpreter, "Hindi siya nagsasalita ng Ingles."

"Gaano na katagal kang ganyan?" Tinanong siya ng interpreter.

"Mula pa po noong maisilang."

"Kaya mo bang ikilos man lang ang binti na 'yan?"

"Hindi, po."

"Naniniwala ka ba kay Jesus Cristo?"

Sabi, "Mohammedan po ako."

Sabi ko, "Tatanggapin mo ba si Jesus Cristo kung pagagalingin ka Niya?"

197 "Tatanggapin ko po si Jesus Cristo bilang aking Tagapagligtas kung pagagalingin Niya ako."

198 "Kung pagagalingin Niya 'yan, maging gaya nung isa ang binti na 'yan, tatanggapin mo ba Siya?"

"Tatanggapin ko po."

199 "Buweno, Diyos, ano po ang Iyong gagawin?" Ito ang kasunod na bagay; lahat ng mga katanungan ay matutugon. Kapatid na Mike, ganyan ang pakiramdam. Naghintay lang ako sandali upang tingnan kung ano ang sasabihin Niya. Tumingin ako roon at nakita ko ang bata papalayo, naglalakad na, para bang sa tabi ng mga pader nang paganoon. Sabi ko, "Ilan sa inyo na mga Mohammedan ang tatanggapin ito? Narito ang isang batang Mohammedan, tingnan ninyo siya, patayuin ninyo siya riyon." Sabi ko, "Kayong mga doktor, gusto n'yo bang suriin siya? Hayan siyang nakatayo." Oh, alam mo na kung nasaan ka

na kung gayon. Kita n'yo, alam mo na kung saan ka nakatayo. Walang sinuman . . . Hayun nga siya.

200 Sabi ko, “Lumakad ka sa gawing ito, anak.” At hinawakan nila siya, heto na siya. (“Ta-lump, ta-lump.”) Sabi ko, “Para bang nasa mga labindalawa, labing-apat na pulgada na mas maiksi. Mga parang *ganoon*.”

“Oo.”

201 Sabi ko, “Subalit si Jesus Cristo na siyang Anak ng Diyos ay kaya siyang pagalingin. Sasampalatayanan n'yo bang mga Mohammedan ito at tatanggapin Siya bilang sariling Tagapagligtas?”

202 May libu-libong mga itim na kamay na iyon ang nagtaasan nang *ganoon*. “Buweno, Panginoon, ito na po ang oras.” Sabi ko, “Makalangit na Ama, kung sa anumang pagkakataon Ikaw ay tumutugon, tugunin Mo po ako ngayon, para po ito sa Iyong Kaluwalhatian, para po ito sa Iyo. Dalangin kong pagalingin Mo ang batang ito.” Ipinanalangin ko lang siya nang *ganoon*.

203 Sabi ko, “Alisin mo ang sapatos mo.” Tiningnan niya ako nang talagang may pagtataka, nung interpreter. Sabi ko, “Alisin mo ang sapatos mo.” Inalis niya iyon sa pagkakatali. Dahil tapos ko nang makita ang pangitaing iyon, kung ano ang mangyayari. Tinanggal niya ang bagay na 'yon. Noong kinuha niya muli iyon at lumakad papunta roon sa akin, na ang parehong binti ay normal na, dahil pareho nang nailalakad ang mga iyon na parang bago. Sabi ko, “Gusto mo bang magpabalik-balik na lumakad?”

204 Nagsimula siyang umiyak nang *ganoon*, nagpapabalik-balik, hindi niya alam ang gagawin. Naglalakad nang *paganoon*, sabi niya, “O Allah! Allah!”

Sabi ko, “Jesus! Jesus!”

Oh, oh, oh! “O Yesu! Yesu,” pagkatapos. “Yesu! Yesu,” ganyan.

Sabi ko, “May mga pagdududa pa ba, anumang pagdududa?”

205 Si Julius Stadskev, ilan ang nakakakilala sa kanya? Nagpunta na si Kapatid na Stadskev rito sa iglesia; sadyang—kapupunta lang sa Germany. Sabi, “Sandali lang, Kapatid na Branham, sandali lang.” Para dalhin kaagad ang isang letratista. “Puwede ko ba siyang kunan ng litrato?”

Sabi ko, “Sige lang.”

206 “Lumakad ka *rito*, ilagay mo ang sapatos mo *rito*.” Tumayo siya nang *ganoon*, nilitratuhan ang bata roon, na ang parehong binti ay talagang normal na at tuwid na tuwid na. Naroon ang luma niyang sapatos at brace, *paganoon*, *paganoon*.

207 Sabi ko, “Ilan na sa inyo ngayon na mga Mohammedan ang tumatangi kay Mohammed bilang propeta, at naniniwala



na kay Jesus bilang siyang Anak ng Diyos, at tinatanggap Siya bilang sarili ninyong Tagapagligtas?” Sampung libong mga kamay ang nagsipagtaasan sa ere. Hallelujah! Ayaw nila ng isang . . .

<sup>208</sup> Sinisikap nila itong pigilan, dahil mga “holy rollers” tayo, ang tawag nila sa atin, nakita n’yo. Ganoon pa man, kumikilos ang Diyos. Inilalagay Niya sa tamang posisyon ang Kanyang Iglesya. Ginagawa Niya ang labis-labis, na sagana nang higit sa lahat ng ating magagawa at maiisip. Diyos pa rin Siya ngayong gabi gaya noon pa man.

<sup>209</sup> Kaya, mumunti kong mga kaibigan, hayaang sabihin ko sa inyo ang isang bagay ngayon na mismo. Mahal kong itinatangi na mga tao, kayong mga naririto, at ang iba pa na nakikinig sa mga teyp na pasasa ibayong-dagat at saan man kayo naroroon, huwag kayong matakot. Lahat ng bagay ay nasa maayos. Ang Amang Diyos, bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan, ay alam na ang lahat ng mga bagay na magaganap. Ang lahat ng mga bagay ay maayos na gumagana. Mahal n’yo ba Siya? Panatilihin n’yong matuwid ang puso ninyo.

<sup>210</sup> At, tandaan n’yo, kapag lumipas na ang hiningang ito sa buhay na ito, sa inyo na mga matatanda o sa inyo na mga kabataan, at kayong mga ina, kapag nakita n’yo na ang mumunti ninyong mga anak, ang munting sanggol na babae na iyon na namatay noong wala pa siyang walong araw o limang araw, siya ay maganda nang dalaga kapag nakita ninyo siya. Ang matandang Lolo na iyon ay nakuba na nang husto, halos hindi na niya makita kung saan siya papunta; kapag nakita mo siya, lola, siya ay matikas na magandang lalaking kabataan na, na kasing bata ng mga beinte anyos, sadyang nasa kasibulan ng kabataan. At magiging ganoon na siya magpakailanman. Maaari mong hawakan ang kanyang kamay, makakamayan mo siya. Yayakapin mo siya, ngunit hindi na siya magiging “asawa,” magiging “kapatid” na siya. Oh, naku! Magiging mas mainam pa siya kaysa sa “asawa.” Sa palagay mo ba’y mahal mo siya? Siyempre pa mahal mo. Ngunit iyon ay *phileo*; hintayin mong magkaroon ka ng *agapao*. Hintayin mo hanggang makaabot ang tunay na Makalangit na pag-ibig na iyon, at saka mo makikita kung ano nga. Itong narito ay para lang isang hamak na umuusok na tapunan ng basura, walang saysay ito, walang anuman rito. Ang tanging bagay na ipinapayo ko sa inyong gawin ngayon, ay ito, aking—aking—mga kaibigan ko . . .

<sup>211</sup> Pagkalipas ng ilang panahon aking . . . Gusto n’yo bang talakayin ko ’yung dalawa pang kabanata sa ibang panahon? Ang Panginoon . . . Ako—kailangan kong magpahinga nang kaunti bago ang sa Chautauqua. Ngayon, hindi ko puwedeng ipangaral ang mga ganitong bagay sa mga pagtitipong ganoon. Napakarami ang di . . . napakaraming magkakaibang paniniwala. Nakita n’yo? Ito ay sa iglesya lang. Kita n’yo? Hindi

ko. . . May karapatan akong ipangaral dito anumang ibig ko. Ito ay tabernakulo ko, kita n'yo, at sinasabi ko sa inyo. Ngayon, naniniwala naman akong ligtas sila na mga tao. Siyanga, po, tunay na naniniwala ako rito. Ngunit, oh, gaano pa lalo kalayo ang malalakad mo kung alam mo na kung saan ka lumalakad. Gaano pa lalo, ang alam, ang malaman lang ang ginagawa mo, nakita n'yo, imbes na pahapay-hapay, natatalisod. Tumayo lamang tayo sa Liwanag, at lumakad sa Liwanag at alamin kung saang daan ka papunta. Totoo 'yon. Sumainyo nawa ang Panginoon.

212 At kung ang bawat isa sa inyo na naririto ngayon ay hindi pa nailalagay sa posisyon! Ikaw marahil ay isang maybahay lamang. Buweno, sasabihin mo, "Kapatid na Branham, wala pa akong nagagawang anumang bagay sa buhay ko. Hindi naman ako isang mangangaral." Buweno, marahil dinala ka rito ng Diyos para mag-aruga ng isang pamilya ng mga anak, mula sa pamilyang iyon ng mga anak ay maaaring magkaroon pa ng panibagong pamilya ng mga anak na magiging mangangaral naman na makapag-aakay ng milyong kaluluwa kay Cristo. Kinailangan mong maparito. Naririto ka para sa isang layunin. Alam n'yo ba iyon?

213 Buweno, sasabihin n'yo, "Ang tanging ginawa ko lang ay ang magsuyod nitong matatandang lupa. At yumayaon ako, nang maaga-aga pa ng gabi, hindi ko alam kung paano kumita ng ikabubuhay para sa mga anak ko. Tiningnan ko ang mga kawawang mga bata na walang suot na sapatos. Naupo ako at umiyak. May luma akong sasakyan, at ako at si Nanay ay nagsimba." Huwag kang mag-alala, kapatid. Basta patuloy mo lang Siyang mahalina, may layunin Siya para sa iyo. Manatili ka lang kung ano ka, magpatuloy ka lang. Kita n'yo? Maaaring ni minsan ay hindi kayo nangaral ng isang sermon, ngunit maaaring ikaw ay maging kalolo-lolohan ng isa na siyang gagawa niyon.

214 Alam n'yo bang kinilala ng Diyos (tingnan nga natin ngayon, ano na nga ba ang pangalan niya?) si Levi, na nagbigay ng ikapu noong nasa balakang pa lang siya ni Abraham, noong sinalubong siya ni Melquisedec. Ilan ang nakakaalam niyon? At tingnan natin. Naging anak ni Abraham si Isaac, naging anak ni Isaac si Jacob, naging anak ni Jacob si Levi; na ama, lolo, kanununan; noong nasa balakang pa siya, nasa binhi pa ng kanyang kanununan, ay kinilala na siya ng Biblia sa pagbibigay ng ikapu kay Melquisedec. Naku, naku, naku, naku! Kapatid! Oh! Ako'y. . .

215 May isang munting—may isang munting lalaking taga-Inglaterra na na-convert doon isang gabi sa Inglatera, sabi niya, "Masayang-masaya ako! Masayang-masaya ako!"

216 Oo, napakasayang malaman na iyon ay totoo! At isang maluwalhating araw, hindi ko alam kung kailan ang araw na iyon, ngunit kung isang pangitain iyon, hindi ko sinasabing naririto ako. Tandaan, laging isaisip ito, ang mga may hawak nawa ng mga teyp ay ganoon din ang gawin. Kung ako man ay nasa isang pangitain, o dinala palayo ng Espiritu, hindi ko alam. Ngunit sadyang kasing totoo 'yon gaya ng nahahawakan ko ang aking Kapatid na Neville nang *ganoon*, sadyang kasing totoo. At nagagawa kong tingnan at kausapin ang mga taong iyon. At naroroon ang una kong asawa, hindi siya sumigaw ng “asawa ko,” sabi niya, “mahal kong kapatid.”

Naroroong nakatayo ang isang dalaga na dati kong nakakasama sa paglabas-labas mga taon na ang nakararaan.

217 Marahil ang ilan sa kanyang mga kamag-anakan ay nakaupo rito, si Alice Lewis na taga-Utica, napakabuti, na marangal na babaeng Cristiano. Medyo huli nang nag-asawa sa buhay, at nagsilang ng una niyang sanggol at namatay sa panganganak. Si Alice Lewis, pumunta ako sa punerarya para makita siya. Kuuwi ko lang noon, narinig kong patay na siya. Nagpunta ako roon, walang tao sa silid, sabi ko, “May babae po ba rito, si Gng. . . .” Ang pangalan niya ay Emmerke. At napangasawa niya ang isang mabuting Cristianong lalaki, at siya ay isang mabuting Cristianong babae. Nakasama ko ang babaeng iyon sa lahat na ng dako, lahat na ng uri ng mga lugar at lahat na. At talagang mga bata pa kami, disiotso, disinuwebe anyos, sa lahat ng dako, mabuting Cristiano, wala na akong ibang alam tungkol sa kanya kundi tunay na pagka-Cristiano. At makasalanan ako noon. Ngunit sumasama ako sa kanya. Pumasok ako. . . At ang asawa niya ay isang ipinanganak na muli na Cristiano, tunay na lalaki. At hindi ko nga alam; nalaman kong namatay na siya, nakita ko sa diyaryo. At nagpunta ako at sinabi nila sa akin. Nagpunta ako roon sa Coats, at sabi ko, “Mayroon ba kayong isang Gng. Emmerke?”

Sabi niya, “Billy, naroon siya mismo sa silid na 'yon doon.”

218 Pumasok ako roon at tumayo roon sa tabi ng kabaong. Naisip ko, “Alice, nanggaling na ako sa pinakamadidilim na mga kulungan sa ilalim ng lupa, nakadaan na ako sa madidilim na mga daan. Ikaw at ako ay magkasamang lumakad doon sa mga daan at patawid doon sa may ilog, noong mayroon pang mga sinaunang barkong tanghalan, nauupo tayo roon at pinakikinggan ang pagtugtog ng calliope. Paroo't parito sa mga kalsada, anong binibini ka nga noon! Pinasasalamatan kong lubos ang Diyos sa iyong buhay. Mamahinga ka, minamahal kong kapatid, mamahinga ka na sa kapayapaan ng Diyos.”

219 At noong isang gabi sa pangitaing iyon, naroon siyang tumatakbo papunta sa akin. Sabi niya, “Pinagpala kong kapatid,” at niyakap niya ako. Oh, oh, kapatid na lalaki't babae,

binago ako niyon. Hindi na ako magiging gaya pa ng dati. Napakatotoo nito! Ito'y sadyang—sadyang kasing totoo ito ng tinitingnan ko kayo, sadyang ganyan katotoo. Kaya, wala nang takot. Maaari akong mamatay bago pa man matapos ang gabi.

<sup>220</sup> Gusto kong palakihin ang munti kong anak diyan, si Joseph. Gusto ko siyang makita sa pulpito, kapag maaari ko nang kunin ang Bibliang ito . . . kapag humantong na ako sa isang dako na nakikita ko na si Joseph sa pulpito na nangangaral na isa nang—na isa nang kabataang lalaki na puspos ng Banal na Espiritu, may pahid ng Espiritu ng Diyos na nasa kanya. At naniniwala akong magiging propeta siya. Noong araw na aking—noong aking—noong nakita ko siya anim na taon bago pa siya maisilang, maaalala n'yong sinabi ko sa inyo na darating siya. Natatandaan n'yo ang itinawag ko sa kanya, doon mismo sa tabi ng altar, na hindi ko alam ang sinasabi ko, habang naghahandog ng mga sanggol, sabi ko, “Joseph, ikaw ay isang propeta.”

<sup>221</sup> At noong isang araw habang nakatayo ako roon sa may bakuran, lumapit siya sa akin, at sabi niya, “Daddy, may kamay po ba si Jesus na gaya ng sa inyo?”

At sabi ko, “Buweno, oo, anak. Bakit?”

<sup>222</sup> Sabi niya, “Nakaupo po ako sa bisikleta ko, inaabangan si Sarah” (iyon ang munting kapatid niyang babae) “galing sa eskuwelahan.” Nakaupo roon sa labas. Hindi ko siya pinapayagang lumabas sa kalsada, nakaupo siya nang *paganito*. At sabi, “Tumingala po ako, at,” sabi, “pagtingala ko, may kamay po na gaya ng sa inyo, na may puting manggas na nananatili sa may ulohan ko.” At sabi, “Pumaitaas na iyon.” Sabi, “Iyon po ba ang kamay ni Jesus na pumaitaas?” Tiningnan ko ang nanay niya, tiningnan naman ako ng nanay niya. Nagpunta kami kina Gng. Wood. Kung saan man siya naroroon, nakaupo rito. Tinanong-tanong namin siya, pabalik-balik, at sa lahat ng paraang magagawa namin. Isa iyong pangitain. Nakita niya iyon. Kapag nakita ko na ang panahon ng munting si Joseph na nakatayo . . . Sana'y makita ko pa siyang maikasal, kung magtatagal pa si Jesus.

<sup>223</sup> At matanda na ako, ang mga ubaning balbas ay nakalaylay na sa palibot ng aking leeg rito. Nakapagpadala na ako . . . Gusto kong maghatid ng dalawa o tatlong milyon pang mga kaluluwa kay Cristo kung magagawa ko. Determinasyon kong ipangaral ang Ebanghelyo sa bawat sulok ng mundo. Siyanga, po. Kaya, tulungan Mo nawa ako, Diyos, gagawin ko iyon. Kaya, kapag nakita ko nang dumating ang panahong iyon, Kapatid na Mike.

<sup>224</sup> Makakatingin na ako sa panahong si Mama, si Meda, ang tawag ko sa kanya, mahal ko, kita n'yo, siya'y . . . tumatanda na kami, nakikita ko ang buhok niya na nagkukulay-abo na, at nakikita kami na papayaon, naglalaho na.

225 Si Rebekah, lubos akong nagpapasalamat para kay Rebekah. Sinabi sa akin ng kanyang guro sa musika noong isang gabi, sabi, “Naku, kung ipagpapatuloy niya iyon, Kapatid na Branham,” sabi, “mahirap nang masabi kung ano ang magagawa niya.” Kita n’yo, sa pagpapatuloy niya sa musika. Gusto kong siya, at gusto kong . . . gusto kong si Sarah ay nasa organ, si Becky naman sa piano, gusto kong si Joseph ay nasa pulpito.

226 Kapag nakita ko nang mangyari iyon, at ako at si Mama ay maaari nang magpahapay-hapay, ako sa tungkod ko, isang gabi, lalakad doon sa daan, at makatitingin ako roon at makikita ang anak ko na nakatayo roon na may pahid ng Banal na Espiritu, nangangaral ng Ebanghelyo ring ito. Gusto kong kunin ang lumang Aklat na ito, at sabihin, “Anak, heto na Ito, sa iyo na Ito. Tumayo kang kasama Nito, huwag na huwag kang makipagkompromiso sa isang Salita. Manatili ka lamang Dito, mahal ko. Huwag kang, walang anuman, wala akong pakialam kung sino man ang laban sa iyo, kung sinong laban, ang Diyos ay kakampi mo. Ipangaral mo ang bawat Salita kung paano Ito talaga nasusulat Roon, at katatagpuin ka ni Daddy sa ibayo ng ilog.” Gusto kong abutin at dalhin siya sa aking mga bisig, ang asawa ko, at tumawid sa Jordan.

227 Hanggang sa panahong iyon, Diyos, hayaan Mo po akong manatili sa larangan, na matapat! Pahintulutan Mo nawa ako! Walang anuman sa akin kung ano man ang kabayaran, o kung gaano man karami, kung ano man ang gawin ko, o *ito, iyon* o ang *iba pa*. Hayaan akong manatiling tapat at totoo sa Salita ng buhay na Diyos, nang sa gayon kapag dumating na ang araw na iyon at tatawid na ako roon, at makatitingin ako sa ibayo at magsasabi, “Hayan na kayo. Oh, minamahal kong kaibigan, minamahal kong kapatid na lalaki, minamahal kong kapatid na babae.”

228 Batang mangangaral, pumaroon ka sa larangan, patuloy lang na gawin ang iyong trabaho. Lahat kayong mga bata pang mangangaral at mga ganoon, huwag kayong paupo-upo lang. Huwag kayong tumambay lang at walang gawin. Humayo kayo roon at mag-akay ng isang kaluluwa. Gumawa kayo! Magpatuloy, magsikilos na. Huwag tumigil, batang mangangaral sa banda riyan. Pagpalain ng Diyos ang iyong puso.

229 Ipinapaalala niya sa akin noong nasa ganoon akong edad, palagay ko, at marahil ay medyo mas bata pa sa kanya. Ako noo’y nasa mga beinte anyos o higit pa noong inilagay ko ang batong panulok roon. Naaalala ko pa na nagsusuot ako dati ng asul na amerikana at puting pantalon, at tumayo ako roon at inilagay ang batong panulok na iyon mga tatlumpu’t isang taon na ang nakararaan. Kita n’yo kung gaano na ako katanda, bata lang ako noon. Nakatayo lang doon, inilalagay ang batong panulok na iyon. Hindi pa ako nakipagkompromiso ni sa isang Salita man. Sinunod ko Ito nang eksaktong-eksato kung paano ko

inilagay ang batong panulok na iyon. Naroon ang aking patotoo na nakahimlay roon, kung saan isinulat ko iyon sa blangkong pahina ng Biblia, at pinilas iyon at inilagay roon sa batong panulok na iyon, at naroroon pa rin iyon. At maisulat nawa iyon sa mga pahina ng Walang Hanggang Salita ng Diyos sa Langit. Manatili nawa akong tapat hanggang sa wakas.

Yumukod na muna tayo sandali para sa panalangin.

<sup>230</sup> Sa pagtatapos ng gabing ito, sa pagtatapos ng mga ito, nitong isang kabanata, na hindi sapat. Nakuha n'yo rin sana dapat 'yung isa pa, at kung paano siyang nagpapatuloy at inilalagay ang iglesya sa lugar nito. Ihahatid ko iyon sa inyo minsan, kung lolobin ng Diyos. Kailangan kong makapagpahinga nang kaunti ngayon bago ako magpunta sa Chautauqua sa dako roon, sa isa pang malaking pagtitipon, pagkatapos tatawid ako mula roon papunta sa Oklahoma, mula roon papunta sa Klamath Falls, pagkatapos mula sa Klamath Falls tuluy-tuloy hanggang California, hanggang sa Yakima, hindi ako makakabalik hanggang sa susunod na ika-15 ng Agosto.

<sup>231</sup> Ngunit tingnan n'yo, hayaang tanungin ko kayo ng isang bagay, kung may mangyari sa inyo o sa akin bago dumating ang araw na iyon, kung tumawid man ako sa ilog patungo sa lupain na iyon, o kung tumawid kayo roon bago ang panahong iyon sa lupain na iyon, nadarama ba ninyo ang katiyakan ngayong gabi na magkikita tayo roon sa dakong iyon? Kung nadarama ninyo, itaas n'yo ang inyong kamay, sabihing, "Nadarama ko ang katiyakan sa puso ko." Pagpalain ng Diyos ang inyong puso. Pagpalain kayo ng Diyos. Kung may isa rito na hindi nakadarama ng katiyakan na paroroon sila, at nais na magsabi, "Alalahanin mo ako, Kapatid na Branham, na magtamo ako ng katiyakang iyon," itaas mo ang iyong kamay, "nais kong maparoon, din." Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Pagpalain ka ng Diyos.

<sup>232</sup> Ama naming Makalangit, idinudulog namin sa Iyo ngayong gabi ang kongregasyon na ito, na ang bawat kamay, sa abot po ng nalalaman ko, ay nakataas. Ang lahat maliban sa isang tao, isang mahalagang kaluluwa roon sa likuran, sadyang medyo nag-aalala kung makatatawid sila roon sa lupain, kung saan may sapat na tunay na banal na pag-ibig sa kanilang puso, sa puso ng minamahal na babaeng iyon, na paroroon siya sa lupaing iyon kung mamatay na siya ngayong gabi: maaari po bang hilahin nito ang kanyang nangangambang puso papasok sa Lupang Pangako ng Diyos?

<sup>233</sup> Amang nasa langit, sa pagtayo ko rito sa pulpitong ito at nangaral, at pinagpawisan, at umiyak, at nagsumamo, at nanghimok, hayaang hingin ko po sa Iyo minsan pa, Panginoon, hayaang humiling ako para sa kapatid kong babae roon; Diyos, ilagay Mo po sa kanyang puso ngayong gabi: ang banal na

pag-ibig, ang Banal na Espiritu ng Diyos, ang kapayapaang iyon na di-masayod ng pag-iisip, na kanyang matanggap ang Iyong Espiritu, matatakan ng Banal na Espiritu hanggang sa araw na iyon. Nais ko siyang makita, Panginoon, pagtawid namin sa tulay na iyon. Kung iyon ay—kung iyon ang aking—kung pribilehiyo ko po na makatawid, kung tunay ang ipinakita Mo sa akin, at makatawid ako roon, nais ko siyang makita roon, at makita siyang tumakbo at hawakan ako sa kamay, at magsabi, “Mahal kong kapatid, noong gabing iyon nang may Isang nagsabi sa akin na itaas ko ang aking kamay, noong natapos mo nang ipangaral ang aklat ng Efeso. Itinaas ko ang aking kamay, at may nangyari sa akin pagkatapos niyon. Heto na ako. Kabataan na ako ngayon magpakailanman.” Ipagkaloob nawa iyon ng Diyos sa minamahal na iyon.

<sup>234</sup> Itong mga nagtaas ng kanilang mga kamay na natatakan na sila ng Banal na Espiritu, sumasakanila ang Espiritu ng Diyos, at tinanggap na nila ang Banal na Espiritu, natatakan na sila ng banal na pag-ibig na iyon sa kanilang mga puso. Lubos Ka naming pinasasalamatang para sa kanila.

<sup>235</sup> Nalalaman, Ama, na mapupunta ang mga teyp na ito roon sa sanlibutan. Maraming mikropono ang nakakabit sa pulpitong ito, na nangangahulugang kasalukuyang gumagawa ng mga pagteteyp, na nagrerekord sa likuran doon, ang Tinig ay paroroon sa iba’t ibang lupain sa buong mundo, sa paglibot sa mundo, dalawampu o tatlumpung magkakaibang bansa ang makakarinig nito. Idinadalangin ko ang bawat tao na dumirinig ng teyp na ito, na wala pang pag-asa ng Buhay na Walang Hanggan, na wala pang bautismo ng Espiritu Santo, dumating nawa Ito nang magiliw sa kanilang puso. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon.

<sup>236</sup> At ako nawa, kung hindi ko man sila makita sa buhay na ito, pagtawid ko sa lupaing iyon, tumakbo nawa sila at hawakan ako (at hahawakan ko sila, at sila, kami ay sisigaw, “Mahal na kapatid!” sa isa’t isa), sabihing, “Narinig ko ang teyp mo tungkol sa Efeso, kung papaanong itinalaga tayo ng Diyos sa Buhay na Walang Hanggan, at dahil doon sa teyp na iyon na natanggap ko ang Tinig ng Diyos at tinatakan ng Banal na Espiritu papasok sa Kaharian ng Diyos.” Ipagkaloob Mo po ito, Ama.


<sup>237</sup> Pagalingin Mo po ang lahat ng mga maysakit at pinahihirapan. Magtamo Ka ng kaluwalhatian para sa Iyong Sarili sapagkat ipinagkakatiwala namin ang lahat ng ito sa Iyo sa lahat ng mga pagsusumikap sa Pangalan ni Jesus, na Iyong Anak. Amen.

<sup>238</sup> Mayroon bang sinumang naririto na may sakit at nais na mapatungan ng kamay para maipanalangin? Maaari n’yo bang itaas ang inyong mga kamay? Sige. Maaari ba kayong lumapit nang tahimik, ngayon, patungo rito mismo sa altar, at tumayo

lang muna sandali, habang papunta na si Kapatid na Neville dala ang kanyang. . .

<sup>239</sup> Oh, ito'y para bang, ang pananalangin para sa mga maysakit, sadyang—sadyang tila baga gaya ng papunta ka sa kung saan na alam mo ang iyong kinatatayuan, mismo. Alam ng Diyos ang lahat ng tungkol dito.

<sup>240</sup> Kapag narinig ko ang awiting iyon. . . Tandaan n'yo, kung buhay pa kayo pagyaon ko, tugtugin ninyo ito para sa akin: *Only Believe*. Tandaan n'yo, hindi ako patay, hindi ako malayo sa inyo na nakikinig dito. Hindi ako maaaring mamatay; binigyan ako ni Jesus ng Walang Hanggang Buhay; na ibabangon ako sa huling araw; makikita ko kayo. At kung yumaon kayo, naniniwala akong ganoon din sa inyo. Naniniwala akong magkikita-kita tayong muli.

<sup>241</sup> Tinitingnan ko, itong minamahal na binibini na nakatayo rito na may ubanin nang buhok. Cristiano po ba kayo? Puspos ng Kanyang Espiritu, hinihintay Siyang dumating, nakatayo lamang rito na naghihintay sa pagdating ng bangka. Amen. Oh, kapatid. . . 



*PAGKUKUPKOP*

Ang Mga Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa mga magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Ang Tagalog na salin na ito ay inilimbag at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2014 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

**VOICE OF GOD RECORDINGS**  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)